ABB Asea Brown Boveri Ltd.
Affolternstrasse 44
8050 Zurich
Switzerland
abb.com

© Copyright 2023 ABB. All rights reserved.
Rev 1 (May 2023)
This print version of the ABB Code of Conduct will not be kept current. Please check www.abb.com/integrity for the most current version of the ABB Code of Conduct and other information regarding ABB's Integrity Program.



Kodigo ng Pag-aasal

Mahalaga ang inyong mga tanong.
Hanapin ang mga sagot sa Kodigo ng Pag-aasal ng ABB.

Talaan ng mga nilalaman

03–05 **Panimula**

03 Mensahe mula sa CEO
04 Bakit mayroon tayong Kodigo ng Pag-aasal
05 Saan nalalapat ang Kodigo ng Pag-aasal

06–07 **Limang prinsipyo ng integridad**

08–39 **Kodigo ng Pag-aasal – mga pinagtutuunang aspeto ng integridad**

08–09 Mga pakikipag-ugnayan
10–11 Mga salungatan ng interes
12–13 Pagpapanatili ng talaan, controllership, at pag-iwas sa money laundering
14–15 Kapaligiran
16–17 Patas na kumpetisyon at antitrust
18–19 Patas na employment, ingklusyon, at respeto sa lugar ng trabaho
20–21 Pandaigdigang pangangalakal
22–23 Kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, at seguridad
24–25 Mga karapatang pantao
26–27 Etikal na pag-aasal, paglaban sa panunuhol, at pag-iwas sa katiwalian
28–29 Seguridad ng impormasyon at teknolohiya
30–31 Impormasyong panloob at panloob na pangangalakal (insider trading)
32–33 Intelektuwal na ari-arian at kumpidensyal na impormasyon
34–35 Pagkapribado at personal na datos
36–37 Pakikipagtulungan sa mga gobyerno
38–39 Pakikipagtulungan sa mga supplier

40–41 **Paghahain ng mga alalahanin sa integridad at hindi paghihiganti**

42–43 **Ang iyong mga responsibilidad sa ilalim ng Kodigo ng Pag-aasal ng ABB**

1 I-scan ang QR-code.
2 I-download ang mobile app ng Kodigo ng Pag-aasal ng ABB para mahanap ang kasagutan.

Matuto pa
Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga nauugnay na patakaran at pamamaraan, konsultahin ang portal ng Pangasiwaan ng ABB.

Panimula sa Kodigo ng Pag-aasal

Upang lumago at maging matagumpay, umaasa ang ABB sa tiwala ng ating mga stakeholder, kabilang ang mga empleyado, kustomer, kasosyo sa negosyo, shareholder, pati na rin ng mga komunidad at lipunang pinagsisilbihan natin. Ang pundasyon ng tiwalang iyon ay integridad – isang walang kompromisong pangako na sumunod sa mga pinakamataas na pamantayan ng etikal na pag-uugali sa negosyo at propesyonal na gawi.



Mensahe mula sa CEO
Ikinalulugod kong ipakilala ang Kodigo ng Pag-aasal ng ABB, na binago at na-update upang ipakita ang mabilis na nagbabagong mundo kung saan tayo nag-o-operate, pati na ang ating mga layunin sa sostenibilidad sa taong 2030, kung saan isa sa mga ito ang paggawa ng kultura ng integridad at aninaw sa ating buong value chain. Upang lumago at maging matagumpay, umaasa ang ABB sa tiwala ng ating mga stakeholder, kabilang ang mga empleyado, kustomer, kasosyo sa negosyo, shareholders, pati na rin ng mga komunidad at lipunang pinagsisilbihan natin. Ang pundasyon ng tiwalang iyon ay integridad – isang walang kompromisong pangako na sumunod sa mga pinakamataas na pamantayan ng etikal na pag-uugali sa negosyo at propesyonal na gawi.

Sa isang panahon kung saan bumibilis ang mga pag-unlad sa teknolohiya at pangunahing bentahe sa kumpetisyon ang bilis, sinasalamin ng ating Kodigo ang kolektibo at indibidwal na paninindigan natin sa integridad. Nagbibigay ito ng praktikal na gabay tungkol sa kung paano tayo makikipagnegosyo sa buong mundo, at nakakatulong ito sa ating magdesisyon nang tama sa hindi maliliwanag o mga kumplikadong sitwasyon. Ipinapakita ng Kodigo ang mga pagpapahalaga ng ating kumpanya – tapang, pangangalaga, kuryosidad, at kolaborasyon – sa mga konkretong kagawian sa integridad: pagbibigay-kakayahan at pagkakaroon ng pananagutan, respeto at pangangasiwa, kamalayan at tuloy-tuloy na paghusay, at aninaw.

Higit sa lahat, inaatasan tayo ng Kodigo na maging patas, tapat, at magalang sa ating mga pakikitungo sa iba, na sumunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon at maging maagap sa pag-uulat ng mga pinaghihinalaang paglabag sa Kodigo. Higit pa riyan, sumusunod tayo sa mga ligtas at malulusog na kagawian sa trabaho, gumagamit tayo ng mga kasanayan sa negosyo na naipagpapatuloy at hindi nakakahamak sa kapaligiran, at nirerespeto natin ang mga karapatang pantao.

Nalalapat ang Kodigo sa ating lahat, at naninindigan tayong papanagutin ang isa't isa sa ating mga pagkilos. Ang mga opisyal ng ABB ay may espesyal na responsibilidad na mamuno sa pamamagitan ng halimbawa, na maging maagap at kumilos upang makontrol ang mga panganib, at tiyakin na ang integridad ay isang pangunahing katangian ng ating kultura sa organisasyon. Ang mga empleyado ng ABB ay may obligasyong basahin, unawain, at sundin ang Kodigo, at sa pagsagawa nito, makapag-ambag sa pagbuo ng isang lugar ng trabaho na mabuti para sa lahat. Upang matiyak na malayang makapaghahayag ng mga alalahanin ang mga empleyado at ibang stakeholder tungkol sa mga potensyal na paglabag, ang Kodigo ay naglalaman ng pangako laban sa paghihiganti.

Magtulungan tayong maisabuhay ang Kodigo ng Pag-aasal bilang pagkatawan sa nilalayon nating maging bilang isang kumpanya habang isinusulong ang ABB bilang isang lider sa teknolohiya at pinagkakatiwalaang mamamayan ng korporasyon.

Salamat.

Björn Rosengren
CEO ABB

Bakit mayroon tayong Kodigo ng Pag-aasal

Ang mga empleyado ng ABB ay nagtatrabaho sa mahigit 100 bansa, nanggagaling sa iba't ibang kultura, at nagtataglay ng angking galing sa maraming larangan. Nagsasalita sila ng maraming wika at may malawak na karanasan, kaalaman, at kadalubhasaan sa industriya. Ipinagmamalaki natin ang ating pandaigdigang lakas-paggawa at ang mga kumpetitibong bentahe na naibibigay sa atin ng ating pagkakaiba-iba. Sa kabila ng ating mga pagkakaiba-iba, may iisang tiyak na pagpapakahulugan sa personal na integridad ang mga empleyado ng ABB sa paraan ng ating pakikipagnegosyo at pagtutulungan.

Ang ating Kodigo ng Pag-aasal ang pundasyon ng ating matatag na kolektibo at indibidwal na paninindigan sa integridad at nagbibigay ng praktikal na gabay sa ating mga manggagawa, suppliers, at iba pang kasosyo sa negosyo kaugnay ng inaasahan nating paraan ng pakikipagnegosyo sa buong mundo. Namumuhay tayo sa isang mapanghamon at matuling nagbabagong mundo kung saan patuloy na binabago ng teknolohiya at mga pandaigdigang kaganapan ang ating trabaho. Pinapangasiwaan ng mga kumplikado at patuloy na nagbabagong batas at regulasyon ang ating pandaigdigang negosyo at ang mga merkado kung saan tayo nag-o-operate, at naghahanap ang mga kustomer ng mga mas mabilis, mas komprehensibo, at mas simpleng solusyon. Para patuloy na maging nangunguna sa industriya sa kapaligirang ito, dapat nating isulong ang mga pinakamataas na pamantayan sa integridad, pagkakaroon ng pananagutan, sostenibilidad, at transparency. Sinasalamin ang paninindigang ito sa ating Kodigo ng Pag-aasal.

Saan nalalapat ang Kodigo ng Pag-aasal

Nalalapat ang Kodigo ng Pag-aasal ng ABB sa buong mundo sa lahat ng mga empleyado, manager, opisyal, direktor, consultant, self-employed na contractor, casual na manggagawa, manggagawa ng ahensya, at volunteer. Nalalapat din ito sa mga ganap na pagmamay-aring kaanib at subsidyaryo ng ABB pati na rin sa lahat ng mga empleyado ng anumang joint venture o iba pang entidad kung saan may malaking interes ng pagmamay-ari o gumagamit ng epektibong kontrol ang ABB. Inaasahan nating susunod ang ating mga kasosyo sa negosyo sa mga etikal na pamantayan alinsunod sa ating Kodigo ng Pag-aasal at – para sa ating mga supplier – sa ating Kodigo ng Pag-aasal ng Supplier.

Sa mga nauugnay na entidad kung saan hindi malaki ang share ng ABB o kung hindi man ay hindi ito gumagamit ng kontrol, inaasahan nating susundin ng mga kasosyo sa negosyo ang Kodigo ng Pag-aasal ng ABB (kung wala pang naitatatag na katulad na Kodigo ng Pag-aasal), at magpapatupad ng malawak na tuntunin at kundisyon na nauugnay sa integridad upang pangasiwaan ang mga etikal na pamantayan na inaasahan natin sa isa't isa sa panahon ng ating ugnayan sa negosyo.



We speak the same Code.

Limang prinsipyo ng integridad

1 **Umaasal at nakikipagnegosyo tayo sa etikal na paraan**

2 **Nagtatrabaho tayo sa ligtas sostenibilidad na pamamaraan**

3 **Bumubuo tayo ng tiwala sa lahat ng stakeholder**

4 **Pinoprotektahan natin ang mga ari-arian at reputasyon ng ABB**

5 **Nagsasalita tayo at hindi tayo naghihiganti**



Mga pakikipag-ugnayan

Nakikipag-ugnayan tayo sa magalang, tapat, walang inililingid, at propesyonal na paraan. Dapat masalamin sa ating mga pakikipag-ugnayan ang ating reputasyon at brand bilang isang nangunguna sa teknolohiya na iniisip ang hinaharap. Nakikipag-ugnayan man tayo sa loob o sa labas, anuman ang paraan o channel, pinoprotektahan natin ang kumpidensyal na datos ng ABB, nagbibigay tayo ng komprehensibo at tumpak na impormasyon, at palagi nating sinusuportahan ang mga bukas na talakayan at pag-uusap.

Tandaan

- Dapat gamitin ang mga channel sa pakikipag-ugnayan sa responsableng paraan. Tiyaking naaangkop sa negosyo, hindi kumpidensyal, at nakabubuti ang content na ipinaparating sa pakikipag-ugnayan.
- Ang lugar ng ating trabaho ay hindi isang pampublikong lugar. Mangyaring ipagpalagay na ang impormasyon at content na ating pinapangasiwaan o binubuo ay kumpidensyal sa negosyo o protektado ng batas. Ang pagbubunyag ng mga panloob na materyal (tulad ng praktikal na kaalaman, mga trade secret, pamamaraan, tsart ng organisasyon, plano sa negosyo ng ABB at katulad na impormasyon) ay maaaring magresulta sa pananagutang sibil o kriminal sa iyo o sa kumpanya.
- Napakahalaga ng napapanahon at tumutugong pakikipag-ugnayansa negosyo. Kung hindi ka makakasagot agad, ipaalam ito sa mga taong kasangkot at sabihin sa kanila kung kailan ka makakasagot.
- Nakikipag-ugnayan tayo sa lahat ng time zone, wika, at kultura. Magkaroon ng kamalayan sa mga pagkakaiba ng oras, kumilos nang may pagsasaalang-alang, at tandaan na maaaring maging iba ang pag-unawa ng mga taong nagsasalita ng ibang wika sa mensahe mo kumpara sa intensyon mo. Bago makipag-usap, mangyaring isaalang-alang kung posibleng maging nakakapandiskrimina, nakakainsulto, nakakapanligalig, nagbabanta, o nakakasira ng reputasyon.

Ang iyong tungkulin

- Maging pamilyar sa mga panloob na alituntunin at regulasyon ng ABB para sa mga pakikipag-ugnayan, branding, at social media. Kung hindi ka sigurado kung naaangkop na iparating ang ilang partikular na impormasyon, tanungin ang iyong lokal na manager sa pakikipag-ugnayan.
- Kung makikipag-ugnayan sa iyo ang isang miyembro ng media ng balita tungkol sa ABB, palaging isangguni ang taong iyon sa departamento ng mga ugnayan sa media o sa isang awtorisadong tagapagsalita ng kumpanya.
- Kung magkakamali ka sa pagpaparating ng impormasyon online o sa social media, mangyaring iwasto ito kaagad. Siguraduhing maliwanag na maisasaad na may ginawang pagwawasto.
- Ang hindi naaangkop na pakikipag-ugnayan ay maaaring humantong sa mga problema. Kung sakaling makakita ka ng mapanganib/hindi naaangkop na content sa mga panloob o panlabas na channel, o kung hindi ka sigurado kung naaangkop bang iparating ang content, mangyaring makipag-ugnayan sa communications manager ng iyong team.

Nakikipag-ugnayan man tayo sa loob o sa labas, anuman ang paraan o channel, pinoprotektahan natin ang kumpidensyal na datos ng ABB, nagbibigay tayo ng komprehensibo at tumpak na impormasyon, at palagi nating sinusuportahan ang mga bukas na talakayan at pag-uusap.



Mga salungatan ng interes

Kumikilos tayo ayon sa pinakamabubuting interes ng ABB. Ginagamit lamang natin ang ari-arian at impormasyon ng ABB para sa mga naaangkop at lehitimong layuning pangnegosyo. Tinitiyak nating ang anumang desisyong gagawin natin sa ngalan ng ABB ay hiwalay sa, at hindi naiimpluwensyahan ng, mga personal na interes. Agad nating ibinubunyag ang anumang personal o propesyonal na interes na posibleng makatuwirang maituring na salungat sa pinakamabubuting interes ng ABB, makagawa ng hindi naaangkop na dating o makaapekto sa ating pagpapasya sa pagsasagawa ng ating mga responsibilidad sa ABB. Iniiwasan natin ang mga panlabas na pakikipag-ugnayan o mga aktibidad na posibleng makasagabal sa ating mga responsibilidad sa ABB o makasira sa reputasyon ng kumpanya.

Tandaan

- Ang salungatan ng interes ay maaaring maging aktuwal, potensyal, o kapansin-pansin – at sa alinman sa mga kasong ito, posibleng mangailangan ng mitigasyon.
- Nagkakaroon ng isang aktuwal na salungatan ng interes kapag mayroong direktang salungatan sa pagitan ng iyong mga umiiral na personal na interes at iyong mga kasalukuyang responsibilidad sa ABB.
- Nagkakaroon ng potensyal na salungatan ng interes kapag may mga sitwasyon na posibleng humantong sa isang aktuwal na salungatan ng interes sa pagitan ng iyong mga umiiral na personal na interes at iyong mga responsibilidad sa ABB sa hinaharap.
- Nagkakaroon ng nahihinuhang salungatan ng interes kapag posibleng maisip ng isang makatuwirang tao (gaya ng isang kasamahan) na may posibilidad na makompromiso ng mga personal na interes ang iyong pagpapasya na maaaring makaimpluwensya sa iyong mga pasya sa negosyo sa hindi angkop na paraan – totoo man ito o hindi.
- Dapat mong tanungin ang iyong sarili kung posibleng makatuwirang kwestiyunin ng isang kasamahan mong may alam sa iyong mga personal na interes o sitwasyon ang integridad ng iyong mga pasya sa negosyo dahil sa mga personal na interes o sitwasyon na iyon.

Agad nating ibinubunyag ang anumang personal o propesyonal na interes na posibleng makatuwirang maituring na salungat sa pinakamabubuting interes ng ABB.

- Kahit ang pagkakaroon ng pahiwatig ng salungatan ng interes ay maaaring makagawa ng mga hindi kinakailangang problema para sa iyo at sa ABB, kabilang ang potensyal na pagkasira ng reputasyon, tiwala, at moral.
- Ang pagkakaroon ng salungatan ng interes – o ang pagpapahiwatig ng salungatan ng interes – ay hindi maituturing na mismong paglabag sa Kodigo ng Pag-aasal. Gayunpaman, maituturing na paglabag ang hindi agad na pagbubunyag ng anumang aktuwal o potensyal na salungatan at maaari itong humantong sa pagdidisiplina.
- Nagkakaroon ng mga salungatan ng interes sa maraming karaniwang sitwasyon – halimbawa, posibleng may kapamilya ka o malapit na kaibigan na nagtatrabaho sa isang supplier, kustomer, o kakumpitensya ng ABB, o posibleng naglilingkod ka sa lupon ng isang kawanggawa, na sinusuportahan o posibleng suportahan ng ABB sa hinaharap.
- Ang mga personal na ugnayan ay maaaring makagawa ng mga aktuwal o nahihinuhang salungatan ng interes, at sa ilang partikular na sitwasyon, maaaring maging panganib ang mga ito sa iyong imparsyalidad at sa ABB. Halimbawa, ang isang line manager na namamahala sa isang empleyadong may malapit na ugnayan sa kanya ay maaaring magkaroon ng salungatan ng interes, gaya sa isang taong nag-aapruba ng mga pagbabayad o diskwento sa isang channel ng pagbebenta na pagmamay-ari ng isang kapamilya, o di kaya'y nakikipag-ugnayan sa isang supplier na pagmamay-ari ng isang malapit na kaibigan.



Ang iyong tungkulin

- Ibunyag kaagad sa Integrity Gateway ang anumang potensyal at/o aktuwal na mga salungatan ng interes, kabilang ang mga kaugnayan na maaaring magdulot ng aktuwal o nahihinuhang salungatan ng interes.
- Kung mayroon kang kapamilya o kung may malapit kang kaugnayan sa isang tao sa iyong reporting line (anuman ang bilang ng antas), dapat mo itong ibunyag bilang potensyal na salungatan ng interes. Nalalapat din ito sa mga kamag-anak o malalapit na kaibigan na nakakaugnay mo sa negosyo o di kaya'y kung may isa sa inyong naghahawak ng posisyong may awtoridad o pinagkakatiwalaan sa kumpanya (kabilang ang Human Resources, Legal & Integrity, Finance o iba pang gatekeeper na tungkulin kung saan maaaring kailanganin ng isa sa inyo na magsagawa ng mga tungkuling nakakaapekto sa isa pa).
- Iwasan ang pagkakaroon ng anumang direkta o hindi direktang impluwensya sa pagpili, pag-recruit, o promosyon ng sinumang kamag-anak mo o may malapit na kaugnayan sa iyo.
- Iwasan ang mga sitwasyon kung saan posibleng magkaroon ng salungatan sa pagitan ng iyong mga personal na interes at sa mga interes ng ABB.
- Iwasan ang paggawa ng mga panlabas na trabaho kapag oras ng negosyo ng ABB o di kaya'y paggamit ng mga resource ng ABB para sa naturang trabaho.
- Huwag kailanman gumamit ng kumpidensyal na impormasyon ng ABB o impormasyong sensitibo sa usaping komersyal para sa anumang dahilan na iba sa lehitimong layunin ng negosyo kapag nagsasagawa ka ng iyong mga responsibilidad sa ABB.
- Kung nagtatrabaho ka sa isang posisyon kung saan may aktuwal, potensyal, o nahihinuhang salungatan ng interes dahil sa isang personal o pinansyal na ugnayan, dapat agad mong ibunyag ang ugnayan sa Integrity Gateway para sa pagsusuri ng Legal & Integrity. Sa karamihan ng mga sitwasyon, kapag may anumang potensyal o aktuwal na ugnayan, responsibilidad ng taong may mas mataas na senyoridad na tiyaking maibubunyag ang anumang aktuwal, potensyal, o nahihinuhang salungatan ng interes.
- Kung hindi ka sigurado kung nakakalikha ang iyong mga personal na sitwasyon ng aktuwal, potensyal, o kapansin-pansing salungatan ng interes, pinakamainam na protektahan ang iyong sarili at ang ABB sa pamamagitan ng pagiging transparent at pagbubunyag nito sa pinakamaagang oportunidad na posible.
- Kung imumungkahi mong maghawak ka ng posisyon o direktor na tungkulin sa isang third-party na lupon (labas sa ABB, bayad man o hindi), dapat mo itong ibunyag sa ABB para matiyak na mayroon ka ng naaangkop na pag-apruba sa ilalim ng ating Talahanayan ng Awtorisasyon ng Kumpanya.

Pagpapanatili ng talaan, controllership, at pag-iwas sa money laundering

Tumpak nating itinatala at iniuulat ang ating mga pananalapi, transaksyon, at ari-arian. Sumusunod tayo sa mga batas na sumasaklaw sa ating mga pinansyal na tala, prinsipyo sa accounting, obligasyon sa buwis, at pinansyal na pagbubunyag. Hindi natin kinukunsinti ang panloloko o kung hindi man, ang mapanlinlang na gawi kaugnay ng ating mga kinakailangan sa pagtatala at pag-uulat.

Ang money laundering ay tumutukoy sa gawing naglalayong pagtakpan ang mga kita mula sa kriminal na aktibidad sa mga lehitimong transaksyon sa negosyo o paggamit ng mga lehitimong pondo para suportahan ang mga kriminal na aktibidad. Sumusunod tayo sa mga batas laban sa mga naturang kagawian at alerto tayo tungkol sa anumang kahina-hinalang pinansyal na transaksyon na maaaring naglalayong itago ang tunay na pinagmumulan ng mga pondo o mga partidong konektado sa isang transaksyon.

Ating poproteksiyonan ang mga ari-arian at mga impormasyon ng ABB laban sa mali at di' awtorisadong paggamit at pangangalagaan natin ang mga ito para maiwasan ang pagkawala, pagnakaw at pagkasira. Ating gagamitin ang mga ari-arian ng ABB para sa lehitimong pang-negosyong layunin lamang.

Tandaan

- Kasama sa mga pinansyal na tala ang mga aklat at account, pati na rin ang mga dokumentong nauugnay sa paghahanda ng mga naturang tala. Maaaring kasama rin sa mga aklat at tala ng kumpanya ang halos anumang totoong datos na nauugnay sa pananalapi.
- Ang hindi pagtatala ng isang transaksyon o pagbabayad nang tama, o ang panlilinlang, pagtatago, pagbabago, o kung hindi man ay pagmanipula sa mga tala ay maaaring maituring na panloloko at posibleng magresulta ito sa mga implikasyong nauugnay sa batas o reputasyon para sa mga empleyado o para sa ABB.

Ang money laundering ay tumutukoy sa gawing naglalayong pagtakpan ang mga kita mula sa kriminal na aktibidad sa mga lehitimong transaksyon sa negosyo o paggamit ng mga lehitimong pondo para suportahan ang mga kriminal na aktibidad.

- Ang paglalabas ng impormasyon o datos na kumpidensyal o sensitibo sa usaping komersyal nang walang naaangkop na pahintulot ay maaaring magdulot ng hindi kanais-nais na implikasyon kaugnay ng kontrata o iba pang legal na implikasyon para sa ABB at sa indibidwal na naglabas ng impormasyon.
- Maaaring kasama sa mga ari-arian ng ABB, pisikal man o hindi, ang anumang bagay na pagmamay-ari o hawak ng ABB na nagbibigay ng halaga para sa kumpanya, kabilang ang sensitibong datos, pisikal at intelektuwal na pag-aari, at mga pinansyal na ari-arian.

Ang iyong tungkulin

- Tiyaking maitatala nang buo, patas, at maagap ang lahat ng transaksyon sa negosyo alinsunod sa mga prinsipyo sa accounting ng ABB, mga panloob na pamamaraan, at mga naaangkop na batas.
- Huwag lumagda ng anumang pag-apruba o iba pang dokumento nang hindi muna bineberipika ang katumpakan nito at tiyaking may



lehitimong layuning pangnegosyo ng ABB ang anumang batayang transaksyon.
- Huwag babaguhin o sisirain ang anumang tala na itinagubilin sa iyong itago o nasa mga limitasyon ng pagpapanatili ng dokumento ng ABB.
- Responsibilidad mong protektahan at gamitin sa angkop na paraan ag mga ari-arian ng ABB, at ganap at tapat na makipagtulungan sa mga panloob o panlabas na auditor, regulator, at awtoridad sa pagpapatupad.
- Maging alerto at iulat ang mga transaksyong mukhang kahina-hinala, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
  - Mga kahilingan sa ABB na magbayad ng cash o nang hulugan sa maraming bank account sa currency na hindi ginagamit sa mga karaniwang tuntunin ng kasunduan sa negosyo o nakatakda sa mas mababa sa threshold ng pag-uulat para sa mga pagbabayad ng foreign currency sa bansang iyon
  - Mga kahilingan para sa pagbabayad sa (o mga aktuwal na pagbabayad mula sa) isang bago,espesyal, o indibidwal na bank account, partikular na kung saan ang naturang account ay nasa labas ng karaniwang bansa kung saan ito nag-o-operate
  - Kahilingan mula sa isang supplier para sa isang upfront na pagbabayad sa isang offshore na bank account o sa isang destinasyong kilala sa pagkakaroon ng mababang pananagutan sa buwis
  - Isang end customer na nagpapaalam sa ABB na gagawin ang pagbabayad sa pamamagitan ng entidad na itinatag nito sa sa ibang bansa o sa pamamagitan ng ikatlong partido
  - Anupamang kahilingan o iminumungkahing kasunduan na posibleng magpahiwatig ng potensyal na panloloko, money laundering, o pag-iwas sa buwis

Kapaligiran

Sumusunod tayo sa mga batas at regulasyong pangkapaligiran sa mga bansa kung saan tayo nakikipagnegosyo. Bukod pa rito, nagsusulong tayo ng sustenableng pag-unlad at nagsusumikap tayong makamit ang mga layunin ng ABB sa sustenabilidad sa pamamagitan ng pagsuporta sa pag-unlad ng ekonomiya, pangangasiwa sa kapaligiran, at panlipunang pag-unlad. Nakatuon tayo sa tuloy-tuloy na pag-unlad sa mga larangang ito kaugnay ng ating mga alok at operasyon at hangad natin, bukod sa iba pang mga bagay, na mabawasan ang mga emisyon at basura, mabawasan ang paggamit ng mga mapanganib na materyal, at makapagtipid ng tubig at enerhiya sa pagsisikap na malabanan ang pagbabago ng klima.

Tandaan

- Ang ating pangako ay higit pa sa mga umiiral na batas at regulasyon. Sinisikap nating mapamahalaan ang ating pangkapaligirang footprint sa malinaw at etikal na paraan para sa interes ng ating mga stakeholder, kabilang na ang mga kustomer, empleyado, shareholder, supplier, iba pang kasosyo sa negosyo at mga komunidad kung saan tayo nagnenegosyo.
- Inaasahan nating makikibahagi ang ating mga supplier at iba pang kasosyo sa negosyo sa buong mundo sa ating paninindigan sa pagprotekta ng kapaligiran.
- Dapat iulat natin kaagad ang mga mapanganib na sitwasyon o hindi katanggap-tanggap na kundisyon ng kapaligiran at mga epekto nito nang sa gayon ay makapagsagawa ng mga pagwawasto at pang-iwas na pagkilos.
- Dapat nating isaalang-alang ang magagawa ng ABB upang mabawasan ang mga epekto sa kapaligiran ng mga produkto at serbisyo nito hanggang sa katapusan ng kabuuang buhay ng mga ito, mula sa disenyo at pagkuha hanggang sa logistics, mga materyal at paggamit, at pagtatapon ng mga produkto kapag hindi na ito magagamit pa.
- May patakaran ang ABB sa sustenabilidad at sa mga pang-ekonomiya, pangkapaligiran, at panlipunang kinakailangan nito, at inaasahan nating magiging pamilyar ang ating mga empleyado rito at sa gabay nito.

Ang iyong tungkulin

- Alamin ang mga pangkapaligirang pagsasaalang-alang na nauugnay sa iyong trabaho at ang mga kinakailangan para sa pangkapaligirang pagsunod para sa iyong trabaho, tungkulin, o site. Magbigay ng mga ideya sa iyong manager kung paano mababawasan ang mga epekto ng ating mga operasyon, produkto, at serbisyo sa kapaligiran.

Dapat nating isaalang-alang ang magagawa ng ABB upang mabawasan ang mga epekto sa kapaligiran ng mga produkto at serbisyo nito hanggang sa katapusan ng kabuuang buhay ng mga ito, mula sa disenyo at pagkuha hanggang sa logistics, mga materyal at paggamit, at pagtatapon ng mga produkto kapag hindi na ito magagamit pa.

- Bantayan ang mga supplier o iba pang kasosyo sa negosyo na wala o hindi nagsasagawa ng mga ligtas o naipagpapatuloy na mga kasanayang pangkapaligiran.
- Tiyakin na ang iyong pasilidad, proyekto o lugar ng trabaho ay mayroon ng lahat ng kinakailangang lisensya o permisong pangkapaligaran bago magsimula sa trabaho. Kung hindi ka sigurado kung mayroon ka ng lahat ng tamang clearance, makipag-ugnayan kaagad sa team ng Legal at Integridad o sa team ng Kalusugan, Kaligtasan, Kapaligiran, at Seguridad.
- Magtapon ng basura alinsunod sa mga panloob at lokal na proseso ng ABB at naaangkop na batas.
- Itaguyod ang kamalayan, pag-aari, at pakikibahagi tungkol sa ating mga panganib sa kapaligiran at mga oportunidad sa sustenabilidad.



Patas na kumpetisyon at antitrust

Nakikipagkumpitensya tayo nang patas, bukas, at malaya. Sumusunod tayo sa lahat ng batas na pumoprotekta sa patas na kumpetisyon. Ipinagbabawal ng mga batas na ito ang mga kasunduan na naghihigpit sa kumpetisyon, kabilang na sa pagitan ng mga magkakumpitensya o kumpanya sa iba't ibang antas ng supply chain. Ang mga naturang batas ay maaaring magpataw ng mga limitasyon sa komersyal na gawi ng mga kumpanyang may dominanteng posisyon sa merkado. Iniaatas din ng mga batas na ito na humingi tayo ng panregulatoryong pag-apruba para sa ilang partikular na merger at acquisition (M&A), kabilang na ang mga minority stake, pati na para sa ilang partikular na uri ng mga kasunduan sa kolaborasyon.

Tinitiyak ng pagsunod sa mga batas na ito na masusuklian ang ating pagsisikap at inobasyon, na sa bandang huli ay makakabuti sa ating mga kustomer. Seryosong bagay ang paglabag sa mga batas sa kumpetisyon at antitrust at maaari itong magresulta sa kriminal na paglilitis at malalang pinsala sa reputasyon mo at ng ABB.

Tandaan

- Ang anumang talakayan, kasunduan, o pagkakaunawaan (direkta o hindi direkta) sa isang kakumpitensya tungkol sa pagtatakda ng mga presyo, paghahati-hati ng mga merkado, mga kostumer o mga bid, o paghihigpit sa produksyon o kolektibong pag-boycott ay ilegal.
- Bilang panuntunan, hindi tayo dapat (direkta man o hindi direkta) manghingi, kumuha, o makipagpalitan ng impormasyong sensitibo sa usaping komersyal na maaaring makaimpluwensya sa isang desisyon ng ABB o ng isang kakumpitensya kaugnay ng gastos, mga margin, datos sa pagpepresyo, mga diskarte sa hinaharap, mga plano ng produkto, mga suweldo ng empleyado, atbp.
- Hindi natin dapat atasan ang ating mga kasosyo sa channel o kostumer na muling ibenta ang ating mga produkto sa isang partikular na presyo, kabilang na ang pagpapataw/pakikipagkasundo sa isang minimum na presyo sa muling pagbebenta.
- Dapat lagi tayong kumonsulta sa team ng Legal at Integridad bago pumasok sa isang eksklusibong kasunduan o bago magpataw ng mga paghihigpit sa kakayahan ng isang kasosyo sa channel o kostumer na muling magbenta sa ilang partikular na merkado o sa mga partikular na kategorya ng mga mamimili

Ang iyong tungkulin

- Sumunod sa mga antitrust at iba pang batas na kumokontrol sa kumpetisyon.
- Maging pamilyar sa at sundin ang mga patakaran at pamamaraan ng ABB na nauugnay sa antitrust.
- Agad at maagap na idistansya ang iyong sarili at ang ABB sa hindi naaangkop na pag-uugali ng iba (hal., sa mga pulong ng isang asosasyon ng pangangalakal).
- Kung nag-aalangan ka kung sumusunod ang iyong estratehiya o pag-uugali sa negosyo sa batas sa antitrust, makipag-ugnayan kaagad sa koponan ng Legal at Integridad para sa gabay.

Tinitiyak ng pagsunod sa mga batas na ito na masusuklian ang ating pagsisikap at inobasyon, na sa bandang huli ay makakabuti sa ating mga kustomer

“How do we play fair?”

Patas na employment, ingklusyon, at respeto sa lugar ng trabaho

Isa tayong pandaigdigang kumpanya na may mga empleyadong nagmumula sa iba't ibang bansa, background, at kultura. Nag-e-employ tayo ng mga taong may iba't ibang kasarian, etnisidad, relihiyon, henerasyon, at kakayahan. Naniniwala tayong pinagmumulan ng lakas at kumpetitibong bentahe ang ating pagkakaiba-iba. Para matiyak na makikibahagi, may motibasyon, at makakapagkamit ng potensyal ang ating mga empleyado, hinihikayat at isinusulong natin ang isang kulturang may mutual na respeto, pang-unawa, at kolaborasyon. Naniniwala tayo na ang kakayahan, pagganap, at potensyal ang dapat gumabay sa ating mga desisyong nauugnay sa trabaho, tulad ng pag-hire, pagpapanatili, mga oportunidad sa pagsasanay at promosyon. Sinusuportahan ng ABB ang mga prinsipyong nasa Pangunahing Kumbensyon ng International Labour Organization (ILO) kaugnay ng Mga Pamantayan sa Trabaho. Sinusunod natin ang mga naaangkop na batas sa employment at pagtatrabaho saanman tayo nagnenegosyo, kabilang ang suweldo-at-oras, imigrasyon, kolektibong pag-bargain, paglaban sa diskriminasyon, at mga katulad na panuntunan sa employment. Nakatuon tayo sa pagbibigay ng kapaligiran sa trabaho na malaya sa panliligalig, paninindak, at mga banta o kilos ng karahasan. Ang anumang panliligalig, kabilang na ang sekswal na panliligalig o iba pang mapandiskriminang pagtrato, ay hindi kukunsintihin. Lahat tayo ay may responsibilidad na iulat ang anumang naturang gawi at mamuno sa pamamagitan ng halimbawa

Tandaan

- Ang mga pasyang nauugnay sa employment ay dapat na laging nakabatay sa mga nauugnay sa kwalipikasyon, merit, performance, at iba pang salik na nauugnay sa trabaho. Hindi kinukunsinti ang diskriminasyon.
- Ang pananakot at panliligalig sa lugar ng trabaho, kabilang ang paggamit ng puwersa, mga banta o pamimilit – berbal man, pisikal, o sosyal – ay hindi kailanman katanggap-tanggap. Tandaan na ang pananakot, panliligalig, pang-aabuso, paninindak at mga pagtatangkang dominahan ang ibang tao ay maaaring magawa ng mga indibidwal o mga grupo, personal man o online (o sa pamamagitan ng mga platform ng email o pagmemensahe), at maaaring maging lantaran o patago.
- Ang panliligalig o pandidiskrimina batay sa mga personal na katangian ay hindi katanggap-tanggap. Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa: pag-uugaling nanghahamak, nanunuya, namamahiya, naninindak o nagbubukod ng mga taong kabilang sa isang partikular na pangkat etniko o iyong mga taong may kapansanan. Kabilang sa iba pang mga karaniwang uri ng panliligalig at pandidiskrimina ang mga nakakainsulto o bastos na pagkilos o komentaryo tungkol sa isang partikular na kasarian, at paggamit ng mga mapanghamak na salita para tukuyin ang sekswalidad, kinikilalang kasarian, o edad ng isang tao.
- Ang sekswal na panliligalig ay isang partikular na uri ng panliligalig na kinasasangkutan ng hindi ninanais na pagkilos na may sekswal na katangian na maaaring magdulot ng pagkapahiya, pagkainsulto, o pagkasindak sa isang tao. Hindi kinukunsinti ng ABB ang sekswal na panliligalig. Kabilang sa mga halimbawa ng sekswal na panliligalig ang, ngunit hindi limitado sa: mga mapilit na pagtatanong tungkol sa pribadong buhay ng isang katrabaho; mga komentong tungkol sa sekswalidad o pisikal na hitsura; hindi gustong panghihipo ng katawan, kabilang ang pagtayo nang masyadong malapit sa isang tao o pagdikit sa iba; malaswa, mapagpahiwatig o nakakainsultong pakikipag-usap; mga sekswal na biro, anekdota o larawan; pagsulyap o pagtitig; at hindi ninanais na mga sekswal na papuri o panghaharot.
- Mayroon tayong matataas na pamantayan para sa employment at nalalapat ang mga ito sa buong mundo. Nakatuon tayo sa pagbibigay ng kapaligiran sa trabaho na malaya sa lahat ng uri ng panliligalig, paninindak, at mga banta o kilos ng karahasan. Hindi natin kukunsintihin ang anumang anyo ng panliligalig at talagang seseryosohin natin ang anumang alegasyon laban sa ating mga empleyado (o supplier o iba pang kasosyo sa negosyo) ilegal man o hindi ang naturang pag-uugali sa ilalim ng mga lokal na batas sa bansa kung saan ito mangyayari.
- Ang mataas na pamantayan ng pag-uugali na inaasahan natin sa lugar ng trabaho ay nalalapat din sa lahat ng mga kaganapang dinadaluhan ng ating mga empleyado sa konteksto ng kaugnayan nila sa kumpanya. Kabilang dito ang mga social event na inorganisa ng ABB pati na iyong mga simpleng inorganisa ng mga magkakatrabaho. Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunti hindi limitado sa: mga kasiyahan, conference/corporate function, sa labas ng opisina, downtime sa mga pagsasanay, event ng kliyente/networking, party para sa promosyon at pag-alis, panggrupong holiday, at mga kainan/inuman pagkatapos ng trabaho.
- Inilalapat ng ABB ang parehong mga pamantayan ng pag-uugali sa mga kaugnayan nito sa mga contractor at pansamantalang manggagawa. Samakatuwid, inaasahan ng ABB na tatratuhin sila nang may parehong pagrespeto gaya sa mga empleyado ng ABB at na ilalapat ng mga contractor at pansamantalang manggagawa ang parehong mga pamantayan sa kanilang sariling pag-uugali at, kung saan nalalapat, sa kanilang mga pakikipag-ugnay sa kanilang sariling mga empleyado.

Ang iyong tungkulin

- Maging halimbawa sa pamamagitan ng pagtrato sa mga katrabaho nang may respeto at katawanin ang ating mga pamantayan sa patas na pagtrato, pagkakaiba-iba, at ingklusyon. Tumulong na magawang pinipiling employer ang ABB.
- Isulong ang kultura natin sa pagsasalita, huwag gumanti sa mga taong magbibigay ng saloobin at magkaroon ng malinaw na paninidigan laban sa pag-uugaling taliwas sa kulturang ito at sa mga pagpapahalaga ng kumpanya.
- Makibahagi sa mga oportunidad sa pagkatuto para maalis ang bias, mapahusay ang pagiging sensitibo sa mga pagkakaiba-iba at makabuo ng ingklusibong kultura.
- Huwag gumamit ng nakakainsultong lenggwahe o gumawa ng mga nakakainsultong pagkilos, kabilang ang mga sekswal na pananamantala, mga racial slur o negatibong komento tungkol sa relihiyon, etnisidad, kulay, edad, biyolohikal na kasarian, kinikilala o ipinapahayag na kasarian, sekswal na oryentasyon, mga pulitikal na paniniwala, pagkamamamayan, bansang pinagmulan, wika, kapansanan, katayuan sa pagiging magulang, katayuan sa ekonomiya/lipunan, o katayuan bilang beterano. Tandaan na ang wika, mga pagkilos, at mga larawan ay maaari pa ring maging mapandiskrimina kahit na nilalayon lang na gawing biro ang mga ito.
- Kung naniniwala kang nakasaksi o nakaranas ka ng diskriminasyon, panliligalig, paninindak, o mga banta o kilos ng karahasan, mangyaring iulat ito kaagad sa pamamagitan ng isa sa ating mga channel sa pag-uulat.

Nakatuon tayo sa pagbibigay ng kapaligiran sa trabaho na malaya sa panliligalig, paninindak, at mga banta o kilos ng karahasan. Ang anumang panliligalig, kabilang na ang sekswal na panliligalig o iba pang mapandiskriminang pagtrato, ay hindi kukunsintihin. Lahat tayo ay may responsibilidad na iulat ang anumang naturang gawi at mamuno sa pamamagitan ng halimbawa



Pandaigdigang pangangalakal

Nag-o-operate tayo sa isang pandaigdigang kapaligiran. Sumusunod tayo sa mga naaangkop na batas at regulasyon sa pangangalakal, kabilang ang mga batas at regulasyong nauugnay sa mga pagkontrol sa pag-import at pag-export, parusa sa pangangalakal at pamamaraan sa customs, at inaasahan natin na gagawin din ng ating mga kasosyo sa negosyo ang mga ito. Mayroong matatatag na patakaran, pamamaraan, at kontrol ang ABB para mabawasan ang mga panganib na nauugnay sa pangangalakal, kabilang ang naaangkop na pagsasala ng mga transaksyon na posibleng kinasasangkutan ng mga naka-embargo o naka-sanction na bansa, mga proseso para sa pangangasiwa ng pagsunod sa mga batas sa pagsunod sa pangangalakal, at mga sistema at pagsasanay para matiyak ang mga tumpak na deklarasyon sa mga awtoridad sa pangangalakal.



Tandaan

- Pinaghihigpitan ng maraming bansa ang pag-export o paglilipat ng ilang partikular na item, software, at teknolohiya pati na ang pagbibigay ng mga serbisyo at paglilipat ng mga pondo sa ilang partikular na bansa, rehiyon, indibidwal, entidad, o gobyerno para sa pambansang seguridad o mga dahilang nauugnay sa patakaran ng ibang bansa, o dahil sa iba pang mga alalahanin. Dapat tayong magsagawa ng mga naaangkop na pagtatasa para matiyak na makukuha natin ang anumang kinakailangang awtorisasyon ng gobyerno at hindi tataliwas ang ating mga aktibidad sa mga naaangkop na batas sa pagsunod sa pangangalakal.
- Maaaring iba't iba ang mga anyo ng mga pag-export at hindi lamang nalalapat ang mga ito sa mga pisikal na bagay. Maaaring maganap ang isang pag-export kapag nagdala ka ng mga elektronikong device na naglalaman ng impormasyon habang tumatawid sa border, kapag ipinadala mo ang impormasyong iyon sa elektronikong paraan o kapag inilagay mo ito sa pangkolaborasyong lugar ng trabaho na maaaring ma-access ng iba. Maaari ring magkaroon ng mga pag-export kapag tiningnan ng isang bumibisitang banyaga ang ilang partikular na kinokontrol na impormasyon sa iyong site.
- Kung gagawa ka – kahit paminsan-minsan lang – ng pag-import o pag-export ng pisikal o hindi nahahawakang item, dapat mong sundin ang batas ng mga bansang kasangkot at ang mga kinakailangang nakatakda sa Pamamaraan sa Pagsunod sa Pandaigdigang Pangangalakal ng ABB. Kahit ang maliliit na transaksyon (kaunti, mababang hanay ng presyo, o kahit ang mga walang-bayad na pagpapalit at/o mga produktong ibinabiyahe para sa paghahatid ng serbisyo) ay sinasaklaw ng mga batas sa pagsunod sa pangangalakal. Dapat makumpleto nang tama, maberipika para sa katumpakan at maitala alinsunod sa Pamamaraan sa Pagsunod sa Pandaigdigang Pangangalakal ng ABB ang mga dokumento para sa pag-import at pag-export.

Huwag makipagtulungan sa anumang partidong nagnanais na direkta o hindi direktang magpadala ng mga produkto, software o teknolohiya sa isang naka-sanction na bansa o pinaghihigpitang partido o di kaya'y pumasok sa anumang transaksyon na posibleng lumabag sa mga naaangkop na batas laban sa pangbo-boycott.

Ang iyong tungkulin

- Huwag mag-export o maglipat (direkta o hindi direkta) ng mga kinokontrol na item nang wala ang kinakailangang awtorisasyon sa pag-export o nang hindi sumusunod sa mga tuntunin at kundisyon ng anumang nauugnay na kinakailangan sa paglilisensya.
- Huwag makibahagi sa anumang transaksyon na kinasasangkutan ng – o pinaghihinalaan mong kinasasangkutan ng – isang naka-sanction na bansa, pinaghihigpitang partido o hindi awtorisadong nilalayong paggamit (hal., mga paggamit sa militar, armas) nang hindi sinusunod ang mga kinakailangang nakatakda sa Pamamaraan sa Pagsunod sa Pandaigdigang Pangangalakal ng ABB at humihingi ng payo mula sa isang opisyal sa pagsunod sa pangangalakal.
- Magpanatili ng naaangkop na kamalayan sa kung paano inilalapat ang mga batas sa pagsunod sa pangangalakal at tiyaking makukumpleto mo ang anumang kinakailangang pagsasanay nang sa gayon ay magkaroon ka ng kahit pangunahing pag-unawa lang tungkol sa pinakamahahalagang konseptong nauugnay sa pangangalakal na nalalapat sa iyong pang-araw-araw na trabaho.
- Tiyaking pamilyar ka sa lahat ng elemento ng isang transaksyon, gaya ng mga produkto, partido, huling paggamit at bansa ng destinasyon, at sumunod sa lahat ng naaangkop na batas pati na sa Pamamaraan sa Pagsunod sa Pandaigdigang Pangangalakal ng ABB.
- Maging alerto sa mga kahina-hinalang transaksyon at pag-uugali na kinasasangkutan ng hindi malinaw o hindi kumpletong impormasyon mula sa mga kostumer, supplier, kasosyo sa negosyo o iba pang third party tungkol sa huling paggamit, mga lokasyon sa paghahatid o mga petsa ng paghahatid. Huwag makipagtulungan sa anumang partidong nagnanais na direkta o hindi direktang magpadala ng mga produkto, software o teknolohiya sa isang naka-sanction na bansa o pinaghihigpitang partido o di kaya'y pumasok sa anumang transaksyon na posibleng lumabag sa mga naaangkop na batas laban sa pangbo-boycott. Tiyaking ipapaalam mo ang mga naturang usapin sa isang opisyal sa pagsunod sa pangangalakal para sa karagdagang gabay.
- Makipagtulungan lang sa mga karampatang naaprubahang broker sa customs, mga freight forwarder at provider ng logistics at agad na iulat sa opisyal ng pagsunod sa pangangalakal ang anumang pagbabayad na lalampas sa halagang nasa invoice o para sa hindi matukoy o hindi malinaw na inilalarawang serbisyo.
- Tiyakin na ang mga produkto at iba pang impormasyon ay malinaw na natukoy, may tamang halaga, at tumpak na nauri hinggil sa mga pagkontrol sa pag-export at regulasyon sa customs. Iulat ang anumang hindi tumpak na paglalarawan, pagbibigay-halaga o pag-uuri ng mga produkto o datos sa isang opisyal ng pagsunod sa pangangalakal.



Kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, at seguridad

Nakatuon tayo sa pagbibigay ng mainam at ligtas na kapaligiran sa trabaho para sa ating mga empleyado at contractor, na sinusuportahan ng matatag na kultura sa pagkatuto. Nagpapatupad tayo ng matatag na Sistema ng Pamamahala sa Kalusugan, Kaligtasan, Kapaligiran, at Seguridad (Health, Safety, Environment and Security o HSE&S) pati na ng mga pamantayan sa lugar ng trabaho na nakakatugon o nakahihigit sa mga legal na kinakailangan sa mga bansa kung saan tayo nagnenegosyo, at inaasahan nating susunod dito ang ating mga empleyado, contractor, supplier, at iba pang kasosyo sa negosyo. Ang kaligtasan ay bahagi ng ating lisensya sa pag-operate, isang pundasyon ng ating organisasyon at mahalaga sa ating mga operasyon, produkto, at serbisyo.

Tandaan

- Hindi dapat balewalain ang mga mapanganib na sitwasyon o hindi katanggap-tanggap na kundisyon sa kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, o seguridad. Palaging iulat ang mga kundisyong ito sa pamamagitan ng mga module sa pag-uulat ng hazard o insidente sa pandaigdigang Sistema ng Pamamahala ng HSE&S o sa iyong manager para makapagsagawa ng pagwawasto o pang-iwas na pagkilos.

Hindi dapat balewalain ang mga mapanganib na sitwasyon o hindi katanggap-tanggap na kundisyon sa kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, o seguridad.

- Ipinagbabawal ang pagtatrabaho nang nakainom, may impluwensya ng ilegal na droga o kahit ng inireresetang gamot na maaaring makasagabal sa kakayahan ng isang tao na makapagsagawa ng gawain nang ligtas.
- Inaasahan nating susundin ng ating mga supplier, contractor, at iba pang kasosyo sa negosyo ang parehong matataas na pamantayan para sa kalusugan at kaligtasan na ginagawa natin.
- Talagang sineseryoso ng mga regulator ng gobyerno ang mga usaping nauugnay sa kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, at seguridad. Unawaing posibleng magkaroon ng malulubhang kahihinatnan, kabilang ang mga parusang sibil o kriminal, para sa mga paglabag sa mga regulasyong nauugnay sa kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, at seguridad.

Ang iyong tungkulin

- Ihinto ang trabaho kung hindi ligtas para sa iyo o para sa ibang tao na magpatuloy.
- Siguraduhing nauunawaan mo ang iyong kinakailangang gawain at kumportable at kuwalipikado kang gawin ito. Siguraduhing sumusunod ka sa ligtas na pamamaraan sa pagtatrabaho, na mayroon ka ng lahat ng kinakailangang pahintulot, at na ginagamit mo ang mga tamang tool at pamprotektang kagamitan na naaangkop sa gawain.
- Siguraduhing alam ng mga taong nasa paligid mo kung ano ang ginagawa mo nang sa gayon ay makapagsagawa rin sila ng mga naaangkop na pag-iingat.
- Maging pamilyar sa mga pamantayan ng ABB sa kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, at seguridad at palaging sundin ang kanilang mga kinakailangan sa isang pabrika ng ABB, sa isang proyekto, o sa isang site ng kostumer.
- Gawing priyoridad ang kalusugan at kaligtasan sa iyong lugar ng trabaho at buhay, kabilang ang “maliliit” na bagay tulad ng pagsusuot ng mga seat belt at hindi pagmamaneho habang abala.
- Huwag parusahan o disiplinahin ang isang manggagawa ng ABB para sa mga pagkakamali o salik sa sistema na hindi nila kontrolado.
- Magsulong ng kapaligirang may tiwala at sikolohikal na kaligtasan, na mahalaga sa pagbuo ng matatag na kulturang nagsusulong ng kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, at seguridad kung saan ramdam ng mga tauhan na sinusuportahan at tinatrato sila nang may respeto at dignidad, kahit sa mga sitwasyon kung saan may hindi magandang nangyayari.
- Magpresenta ng mga ideya o rekomendasyon para sa pagpapahusay ng mga kundisyon sa kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, at seguridad sa ating kapaligiran sa trabaho sa iyong manager.
- Alamin ang tungkol sa mga rekomendasyon mula sa Seguridad ng ABB kaugnay ng paglalakbay na pangnegosyo.
- Maging pamilyar sa mga pamamaraan para sa paunang lunas at emerhensya sa iyong lokasyon, kabilang kung saan nakalagay ang mga kit ng paunang lunas, mga defibrillator, mga may kasanayang tauhan, mga exit na pangkaligtasan at mga pamamaraan sa pag-evacuate.
- Magsalita kung may makikita kang kundisyong mapanganib o hindi nakakabuti sa kapaligiran nang sa gayon ay maitama natin ito at matuto tayo rito at makapagdagawa ng pagpapahusay.

Mga karapatang pantao

Nagtataguyod ang ABB ng kulturang pang-organisasyon na sumusuporta sa mga karapatang pantao at naghahangad na maiwasan ang pakikipagsabwatan sa mga pang-aabuso sa mga karapatang pantao. Sinusuportahan natin ang mga prinsipyong nasa Internasyonal na Batas sa Mga Karapatang Pantao, Mga Panggabay na Prinsipyo sa Negosyo at Mga Karapatang Pantao ng United Nations, Mga Alituntunin ng OECD para sa Mga Multinasyonal na Enterprise, Mga Pangunahing Kumbensyon sa Mga Pamantayan sa Trabaho ng International Labour Organization (ILO), at iba pang naaangkop na batas at prinsipyo. Inaatasan natin ang ating mga supplier, contractor, at iba pang kasosyo sa negosyo na sumunod sa parehong mga pamantayan sa mga usapin kung saan nagkakaroon ng mga isyu sa mga karapatang pantao, gaya ng mga oras at kundisyon ng pagtatrabaho, diskriminasyon at pagkakapantay-pantay, pagtatrabaho ng bata, mga patas na pasuweldo, obligatoryo o sapilitang paggawa, at modernong pang-aalipin.

Tandaan

- Nagsasagawa tayo ng due diligence na nakabatay sa panganib upang matiyak na makikibahagi ang ating mga supplier at kasosyo sa negosyo sa ating pagtutuon sa mga karapatang pantao at hindi tayo makikipagsosyo sa sinumang supplier o kasosyo sa negosyo na nakikibahagi sa sapilitang pagpapatrabaho, modernong pang-aalipin o human trafficking, o na nananamantala o nandidiskrimina laban sa sinuman, kabilang ang mga bata at bulnerableng grupo.
- Iginagalang natin ang mga karapatang nauugnay sa kalayaan sa pakikipag-ugnay, kolektibong representasyon, patas na kompensasyon, pantay na pagtrato, at ligtas at mainam na lugar ng trabaho.
- Tinutugunan natin ang mga reklamo at karaingan sa pamamagitan ng mga channel sa pag-uulat ng ABB at nagsisikap tayong makapagbigay ng naaangkop na remedyo sa mga apektadong stakeholder.
- Kabilang tayo sa multilateral na pagsisikap sa mga karapatag pantao sa pamamagitan ng mga organisasyong tulad ng Pandaigdigang Pangako ng UN at ng Pandaigdigang Inisyatiba ng Negosyo sa Mga Karapatang Pantao, at sa iba't ibang aktibidad upang itaguyod ang respeto ng kumpanya sa mga karapatang pantao.
- Nagsisimula ang respeto sa dignidad ng tao sa ating mga pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa isa't isa, sa ting mga kostumer, at mga kasosyo sa negosyo. Kasama rin dito ang pagtataguyod ng pagkakaiba-iba at ingklusyon, pagtanggap sa mga taong may mga kapansanan at paggawa ng bahagi natin sa pagprotekta ng mga karapatan at dignidad ng lahat ng kaugnay sa ating negosyo.

Iginagalang natin ang mga karapatang nauugnay sa kalayaan sa pakikipag-ugnay, kolektibong representasyon, patas na kompensasyon, pantay na pagtrato, at ligtas at mainam na lugar ng trabaho.

Ang iyong tungkulin

- Kapag bumibisita sa mga site ng trabaho, kabilang man ang mga ito sa ABB o hindi, dapat agad mong iulat ang mga kahina-hinalang kagawian sa trabaho, gaya ng paggamit ng child labor o mga hindi ligtas o hindi malusog na lugar ng trabaho, sa team ng Legal at Integridad o sa team ng Responsibilidad ng Kumpanya.
- Bago magtatag ng ugnayan sa isang supplier o kasosyo sa negosyo, magsagawa ng naaangkop na due diligence alinsunod sa mga umiiral na proseso ng ABB upang matiyak na sila, at ang anumang kaugnay na proyektong nauugnay sa kanila, ay hindi kasangkot sa aktuwal o potensyal na mga paglabag sa mga karapatang pantao at na nakatuon sila mga katulad na pamantayang ginagamit ng ABB. Kasama sa due diligence ang pag-unawa sa anumang dating paglabag at sa mga nauugnay na remedyo at pang-iwas na pagkilos na isinagawa.
- Isaalang-alang kung ano ang posibleng maging epekto ng isang proyekto, produkto, o serbisyo ng ABB sa mga karapatang pantao sa rehiyon o bansa kung saan ito kukunin o ibebenta. Talakayin ang mga epektong ito sa naaangkop na manager o senior na katrabaho para sa nauugnay na proyekto, produkto o serbisyo, pati na ang nakatalagang eksperto sa usapin tungkol sa mga karapatang pantao para sa iyong negosyo.
- Regular na subaybayan ang mga kagawian sa mga karapatang pantao ng mga kasosyo sa negosyo. Isama ang mga karapatang pantao sa mga tuloy-tuloy na pakikipag-usap sa mga kasosyong iyon at sa mga pagpupulong sa pagsusuri ng negosyo.
- Maging partikular na sensitibo sa mga karapatang pantao kapag nagsasagawa ng negosyo sa mga bansa kung saan mahina ang batas o kung saan walang consistent na malinaw na prosesong sinusunod ang gobyerno.



Etikal na pag-aasal, paglaban sa panunuhol, at pag-iwas sa katiwalian

Nakikipagkumpitensya tayo para sa negosyo para lang sa ikabubuti natin. Hindi natin kinukunsinti ang anumang anyo ng panunuhol o pang-aabuso ng kapangyarihan para sa personal o pangkomersyal na kalamangan. Hindi tayo direkta o hindi direktang nag-aalok o nagbibigay, o kung hindi man ay humihiling o tumatanggap ng anumang bagay, na may halaga sa o mula sa isang pampublikong opisyal, pribadong tao o iba pang third party para sa anumang labag sa batas, tiwali, o hindi naaangkop na layunin o para sa pangangasiwa ng rutinang serbisyo o pagkilos ng gobyerno. Nalalapat ang pamamaraang ito sa lahat ng ating operasyon at heograpiya anuman ang mga lokal na kagawian sa negosyo at pantay-pantay itong nalalapat sa sinumang third party o kostumer na kasosyo natin. Nakikipagnegosyo lang tayo sa mga marangal na third party na nakikibahagi sa ating mga etikal na pamantayan.

Tandaan

- Ang panunuhol, katiwalian, o hindi naaangkop na pagbabayad ay maaaring magkaroon ng maraming anyo, kabilang na ang mga regalo, pagbiyahe, o magiliw na pagtanggap, mga pagbabayad na ginawa sa pamamagitan ng mga kostumer, kasosyo sa negosyo o iba pang third party, o mga donasyon sa mga organisasyong kaapilyado ng mga pampublikong opisyal o kostumer.
- Maaari lang ialok ang mga regalo, pagbiyahe at magiliw na pagtanggap alinsunod sa mga nauugnay na patakaran at pamamaraan ng ABB, alinsunod sa mga sariling panloob na patakaran at lokal na batas ng tatanggap. Ang mga kaloob sa negosyo ay maaaring mahinuha ng tatanggap bilang kahilingan na matrato nang may pabor, lalo na kung iaalok ito habang may aktibong ugnayan rito. Ang mga regalong cash o mga katumbas ng cash ay mahigpit na ipinagbabawal.
- Dapat mong sundin ang mga nauugnay na patakaran at pamamaraan ng ABB para sa pakikipag-ugnay at pagsubaybay sa mga third party, kabilang iyong mga tumutulong sa mga aktibidad sa marketing at sales o iyong mga kumakatawan sa ABB.
- Ang mga empleyado ng mga enterprise na pagmamay-ari ng estado ay itinuturing na mga pampublikong opisyal sa ilalim ng ating mga panloob na patakaran at sa ilalim ng mga batas laban sa panunuhol.
- Ipinagbabawal natin ang “padulas” o “pampabilis” na mga pagbabayad, kahit na posibleng payagan ng lokal na batas o custom sa negosyo ang mga ito. Ang mga naturang pagbabayad ay karaniwang ibinibigay sa pampublikong opisyal bilang kundisyon para sa pagkuha ng mga rutinang serbisyo o benepisyo sa gobyerno na karaniwang dapat makuha ng lahat.
- Ang mga kabayaran para sa personal na kaligatasan ay pinahihintulutan lamang sa mga pambihirang sitwasyon na kung saan ikaw ay nakakaranas ng marahas na pamimilit o napipintong panganib at di' maiiwasang pinsala sa iyong pisikal na kaligatasan o personal na pagaari, at wala ka nang anumang maingat na alternatibo. Kung ito ay ligtas at posibleng gawin, maari mong tawagan ang ABB Emergency Line (+41 43 317 77 00 / +41 22 785 64 64) upang makahingi ng payo at tulong. Matapos mong bayaran at maging ligtas, kailangan mo itong ipaalam sa iyong line manager, Country Security Manager at sa iyong contact sa Legal & Integrity, upang ang iyong binayaran ay maitala ng maayos at masusing maimbestigahan.
- Ang pag-aalok, pagpapahintulot, paggawa, o pagtanggap ng hindi wastong pagbabayad ay labag sa mga patakaran at pamamaraan ng ABB at posibleng malantad ka at ang kumpanya sa mga kriminal na paglilitis at malubhang pinsala sa reputasyon dahil sa mga ito.

Hindi natin kinukunsinti ang anumang anyo ng panunuhol o katiwalian, at nakikipagnegosyo lang tayo sa mga marangal na third party na nakikibahagi sa ating mga etikal na pamantayan.

Ang iyong tungkulin

- Magbantay at iulat kaagad sa team ng Legal at Integridad ang anumang babalang senyales na maaaring magpahiwatig ng hindi angkop na pagbabayad o ugnayan sa negosyo, gaya ng mga sumusunod:
  - Pakikipag-ugnay sa mga third party na mukhang hindi makakapagbigay ng lehitimong kahalagahan sa negosyo, hindi kwalipikado sa ilalim ng mga proseso ng ABB o hindi gumagamit ng mga etikal na pamantayang pareho sa atin
  - Mga hindi makatuwirang komisyon sa benta, bayarin, o diskwento ng distributor
  - Mga kahilingan para sa “padulas” o pampabilis” na mga pagbabayad
  - Mga dokumento ng benta o mga transaksyon kung saan malabo ang mga serbisyo o may kasamang hindi malilinaw na paglalarawan sa mga invoice, o anumang kahilingan na idokumento ang isang transaksyon sa hindi angkop na paraan
  - Mga suhestyon na may pulitikal o undue influence ang isang third party sa pagpapasya ng kostumer
- Maging alerto sa mga kahilingan para sa mga donasyon sa mga kawanggawa o organisasyon na maaaring kaapilyado ng isang kostumer o pampublikong opisyal at sundin ang mga nauugnay na patakaran at pamamaraan ng ABB kaugnay ng mga kontribusyon sa kawanggawa. Ipinagbabawal ng ABB ang lahat ng mga pulitikal na donasyon o kontribusyon (tingnan ang “Pakikipagtulungan sa mga gobyerno”).
- Tanggihan ang anumang kahilingan mula sa isang opisyal ng gobyerno para sa isang “padulas” o “pampabilis” na pagbabayad – isang pagbabayad sa opisyal na iyon bilang kundisyon para sa pagkuha ng rutinang serbisyo o benepisyo ng gobyerno na karaniwang nakukuha ng lahat. Iulat ang kahilingan sa team ng Legal at Integridad.
- Responsibilidad mong alamin at sundin ang mga batas sa mga bansa kung saan ka nagnenegosyo – magtanong muna sa team ng Legal at Integridad kung hindi ka sigurado sa anumang bagay.



Seguridad ng impormasyon at teknolohiya

Gumagamit tayo ng information technology (IT) upang maisulong ang mga interes sa negosyo ng ABB at ng ating mga kostumer. Kinikilala nating ang paggamit ng IT, kabilang ang software (hal., email, mga serbisyo sa pagmemensahe at mga cloud application), hardware (hal., mga mobile phone at laptop), at mga network o ng internet ay maaaring makapaglantad sa atin sa mga cyber na pag-atake at iba pang mga panloob o panlabas na banta. Ginagamit natin ang ating IT sa responsableng paraan at para lang sa mga lehitimong layuning pangnegosyo na nakakasunod sa mga interes at karapatan ng ABB at alinsunod sa mga panuntunan at gabay ng ABB.

Tandaan

- Dapat gamitin ang social media at lahat ng iba pang paraan sa pakikipag-ugnayan sa responsableng paraan. Ang mga hindi naaangkop na pakikipag-ugnayan o hindi pinapahintulutang pagbabahagi ng impormasyon (hal., mga larawan, komento, at link) ay maaaring makapagdulot ng pagkasira ng reputasyon sa iyo, sa iyong mga kasamahan, sa ABB, sa ating mga kostumer, o sa iba pa.
- Pinapayagan ang limitadong personal na paggamit ng mga ari-arian sa IT ng ABB alinsunod sa mga naaangkop na patakaran, basta't hindi sumasalungat ang naturang paggamit sa mga interes, panuntunan, o gabay ng ABB o sa iyong mga responsibilidad sa trabaho.
- Ang mga cyber na pag-atake ay karaniwang mga pagtatangka na nakawin o pakialaman ang mga datos o di kaya'y gawing hindi magagamit ang mga system. Maaaring magkaroon ng maraming biktima ang mga pag-atakeng ito, kabilang ang mga kostumer at empleyado. Posibleng makasagabal nang husto ang mga nakompromisong system sa mga system ng ating IT at operational technology.
- Ang mga portable na storage device, tulad ng mga USB stick, ay maaaring maglaman ng malisyosong software at magdala ng panganib sa ating mga sistema. Dapat lang na gamitin ang mga ito sa pinakamaingat na paraan at sa sukdulan lang na pinapahintulutan.
- Ang impormasyong nagagawa at naka-store sa mga sistema ng impormasyon ng ABB o sa mga nauugnay na application ay itinuturing na impormasyon ng ABB at asset ng kumpanya. Nakalaan sa ABB ang karapatang subaybayan ang paggamit sa mga sistema ng impormasyon nito at mga nauugnay na application, at i-access, i-retrieve, at ibunyag ang lahat ng naturang impormasyon maliban na lang kung nililimitahan ito ng batas o ng isang kasunduan.
- Ang mga email at iba pang anyo ng elektroniko at instant na pakikipag-ugnayan ay maaaring maituring na mga pahayag na inilabas ng ABB at dapat isulat ang mga ito nang maingat. Kapag hindi ito nagawa, posibleng masira ang reputasyon ng ABB o posibleng malagay ang ABB sa isang disbentahe sa isang komersyal na ugnayan o paghahabol.

Kinikilala nating ang paggamit ng information technology, kabilang ang software (hal., email, mga serbisyo sa pagmemensahe at mga cloud application), hardware (hal., mga mobile phone at laptop), at mga network o ng internet ay maaaring makapaglantad sa atin sa mga cyber na pag-atake at iba pang mga panloob o panlabas na banta.



Ang iyong tungkulin

- Huwag kailanman mag-download, mag-access, mag-install, o gumamit ng software (hal., email, mga serbisyo sa pagmemensahe at mga cloud application) na hindi inawtorisahan ng ABB para sa mga layuning pangnegosyo, o na hindi ka pinapahintulutan o lisensyadong gamitin sa mga sistema ng impormasyon ng ABB.
- Huwag kailanman mag-download o mag-store ng impormasyon ng ABB sa mga personal na kagamitan o kagamitang hindi galing sa ABB o sa mga application na hindi inawtorisahan ng kumpanya, o hindi nakakasunod sa mga panuntunan sa pagpapatala ng ABB. Mag-store lang ng naaangkop na content sa iyong mobile phone, computer o iba pang elektronikong device na pinapamahalaan ng ABB.
- Protektahan ang iyong mga password. Huwag isusulat ang mga ito. Huwag ibahagi ang mga ito sa iba, kabilang na sa Service Desk (MyIS) at tauhan ng suporta.
- Gumamit lang mga account ng ABB (hindi mga personal na account) at mga awtorisadong tool para sa mga pakikipag-ugnayan sa negosyo at para sa pagso-store ng datos ng ABB.
- Kung may mapag-aalaman kang posibleng cyber na pag-atake o iba pang mapaminsalang gawi sa mga sistema o asset ng ABB, dapat mo itong ipagbigay-alam kaagad sa Service Desk (MyIS).
- Mag-ingat sa mga email o iba pang mensahe mula sa mga hindi kilalang source. Huwag magbubukas ng mga kahina-hinalang kalakip o link dahil maaaring malagay ng mga ito sa panganib ang mga sistema ng impormasyon ng ABB. Iulat ang mga naturang email o iba pang mensahe sa pamamagitan ng mga partikular na paraang ibinigay sa email system o sa Service Desk (MyIS).
- Huwag mag-post ng mga hindi naaangkop na content sa internet o di kaya'y isama ito sa anumang pakikipag-ugnayan kapag ginagamit ang mga sistema ng impormasyon ng ABB. Huwag mag-post ng mga larawan ng mga kasamahan o ng kanilang mga screen ng computer sa internet na maaaring magbunyag sa intelektuwal na ari-arian, personal na datos, o kumpidensyal na impormasyon ng ABB.
- Tiyaking isasagawa mo ang iyong mga panseguridad na obligasyong iminumungkahi sa mga patakaran sa Mga Sistema ng Impormasyon ng ABB upang maprotektahan ang mga asset ng IT na pinapamahalaan mo o ginagawa mo.

Impormasyong panloob at panloob na pangangalakal (insider trading)

Hindi tayo gumagamit ng materyal na hindi pampublikong impormasyon tungkol sa ABB o anupamang kumpanya para sa personal na pinansyal na ganansya o bentahe. Posibleng kasama sa naturang impormasyon ang, ngunit hindi limitado sa: mga pagtatantya ng mga kita o pagkalugi sa hinaharap, pagpepresyo, mga proposal, mga pagbabago sa tauhan, mga pagkuha ng negosyo o divestment, mga hindi inanunsyong reward sa mga supplier, hindi nailathalang impormasyon tungkol sa mga bagong produkto o serbisyo o anupamang hindi pampublikong impormasyon na, kung ibubunyag, ay maaaring makaimpluwensya sa desisyon ng isang taong bumili, magbenta, o humawak ng mga seguridad ng kumpanya. Hindi rin tayo nagbibigay ng ganitong impormasyon sa sinuman na hindi kailangang makaalam nito. Ang pagkalakal sa naturang impormasyon o pagbibigay nito sa ibang tao ay nakakasira sa integridad ng merkado at maaaring maging isang paglabag sa batas.

Tandaan

- Ang mga batas at kasunduan sa mga stock exchange ay nagbabawal sa sinumang may materyal na hindi pampublikong impormasyon na gamitin ang kaalamang iyon sa pangangalakal ng mga panagot o sa pagbubunyag ng impormasyong iyon sa iba.
- Posibleng magkaroon ka ng hindi pampublikong impormasyon tungkol sa ABB o iba pang kumpanya, partikular na sa mga taong nakikipagnegosyo sa ABB, gaya ng mga kostumer at supplier. Ang pagkalakal ng mga seguridad na gaya ng mga share, bond o opsyon habang may hawak kang materyal na hindi pampublikong impormasyon ay hindi etikal at ilegal.
- Hindi pinapahintulutan ang pagbabahagi ng materyal na hindi pampublikong impormasyon sa mga kasamahan sa ABB maliban na lang kung kasama sila sa mga naaprubahang listahan ng mga indibidwal na dapat makaalam nito.
- Labag sa batas na magbigay ng "mga tip" o magbahagi ng materyal na hindi pampublikong impormasyon sa ibang tao, kabilang ang mga miyembro ng pamilya o kaibigan.

Ang iyong tungkulin

- Alamin ang mahihigpit na rutina at alituntunin ng ABB para sa pangangasiwa ng hindi pampublikong impormasyon, lalo na kung ito ay materyal.
- Kung tinatrabaho mo ang pagkuha ng isa pang kumpanya, ang divestment ng isang kumpanya o mga asset ng ABB, o ang pag-develop ng isang joint venture, aatasan kang lumagda sa isang kasunduan sa kumpidensyalidad at hindi ka dapat magkalakal ng seguridad na batay sa materyal na pampublikong impormasyon na mapag-aalaman mo sa proseso.
- Kung hindi ka tiyak kung mayroon kang hindi pampublikong impormasyon, makipag-ugnayan sa team ng Legal at Integridad upang talakayin ang iyong sitwasyon.
- Kung naniniwala kang kailangang ibunyag ang materyal na hindi pampublikong impormasyon, kumuha ng pag-apruba mula sa team ng Legal at Integridad.

Labag sa batas na magbigay ng "mga tip" o magbahagi ng materyal na hindi pampublikong impormasyon sa ibang tao, kabilang ang mga miyembro ng pamilya o kaibigan.

“When don’t we tip?”

Intelektuwal na ari-arian at kumpidensyal na impormasyon

Kilala ang ABB dahil sa pangunguna nito sa teknolohiya. Nasa diwa na natin ang inobasyon mula pa noong maitatag tayo mahigit isang siglo na ang nakakalipas. Labis tayong nagtutuon sa tuloy-tuloy na paggawa at pagprotekta sa inobasyon, mga produkto, mga teknolohiya, at brand ng ABB sa pamamagitan ng matatag na portfolio ng mga karapatan sa intelektuwal na ari-arian, kabilang ang mga patent, copyright, trademark, marka ng serbisyo, mga trade secret, mga karapatan sa disenyo, domain name at iba pang pinagmamay-ariang karapatan. Mayroon tayong malawak na kaalaman at kumpidensyal na impormasyong nagbibigay sa atin ng kumpetitibong bentahe sa merkado. Pursigido nating pinoprotektahan ang ating intelektuwal na ari-arian at kumpidensyal na impormasyon, at sinusunod natin ang ating mga panloob na patakaran sa wastong paggamit, pag-iingat, pagmamarka, at pangangasiwa ng naturang ari-arian at impormasyon. Naninindigan tayo sa pagrespeto sa intelektuwal na ari-arian at kumpidensyal na impormasyon ng iba at inaasahan nating ganito rin ang gagawin nila.

Tandaan

- Bago ang pamamahagi, ibunyag kaagad ang mga ideya, imbensyon, o development sa tagapayo sa Intelektuwal na Ari-arian ng ABB upang mailapat ang mga naaangkop na legal na proteksyon.
- Ang hindi wastong paglalapat o hindi napaghihigpitang paggamit ng brand ng ABB o iba pang trademark ay hindi lamang humahantong sa pagkalugi ng negosyo kundi sa pagkawala rin ng brand ng ABB. Igalang ang mga alituntunin sa pag-brand ng ABB at iulat ang anumang pinaghihinalaang hindi awtorisadong paggamit ng ibang tao.
- Ang kumpidensyal na impormasyon sa pinakamahalagang anyo nito ay tinatawag minsan na “trade secret,” isang uri ng intelektuwal na ari-arian. Malaki ang posibilidad na regular kang nangangasiwa ng kumpidensyal o trade secret na impormasyon sa ngalan ng ABB. Dapat mong ingatan ang mga content nito mula sa mga hindi awtorisadong pagbubunyag sa mga third party. Iwasan ang mga talakayan tungkol sa naturang impormasyon sa mga pampublikong lugar at gumamit ng mga screen na may filter ng privacy sa mga laptop kapag nagtatrabaho sa labas.
- Dapat malagyan ng label at mauri sa angkop na paraan ang kumpidensyal na impormasyon, at dapat limitahan lang ang access sa mga taong may partikular na pangangailangang makaalam nito.
- Dapat may malagdaan na angkop na kasunduan sa hindi pagbubunyag bago ang pagbubunyag ng anumang kumpidensyal na impormasyon.
- Ang iyong mga obligasyon sa kumpidensyalidad ng pinagmamay-ariang impormasyon ng ABB ay mananatiling may bisa kahit hindi ka na empleyado ng ABB.

Pursigido nating pinoprotektahan ang ating intelektuwal na ari-arian at kumpidensyal na impormasyon, at sinusunod natin ang ating mga panloob na patakaran sa wastong paggamit, pag-iingat, pagmamarka, at pangangasiwa ng naturang ari-arian at impormasyon.



- Maaaring malantad ka at ang ABB sa mga posibleng parusang sibil at kriminal dahil sa mga hindi angkop na paggamit sa intelektuwal na ari-arian o kumpidensyal na impormasyon ng iba.
- Kapag nangangasiwa ng impormasyon, datos, software, o teknolohiya na maaaring sinasaklaw ng mga karapatan sa intelektuwal na ari-arian, dapat mong itanong ang mga sumusunod:
  - Sino ang may-ari nito?
  - Awtorisado ba akong gamitin ito?
  - Maaari ko ba itong ibahagi sa iba?
  - Valid pa ba ang mga nauugnay na lisensya ng user o mga karapatan sa pag-access?
- May mga ipinapatupad na proseso ang ABB na naglalayong mabawasan ang mga panganib na nauugnay sa intelektuwal na ari-arian na pagmamay-ari ng third party, at kakailanganin mong isaalang-alang ang mga ito sa iyong pang-araw-araw na pakikipagnegosyo.
- Kailangan mong igalang ang kumpidensyal na imporamsyon ng mga third party, kabilang na ang mga kostumer, supplier, at iba pang kasosyo sa negosyo, pati na ang iyong mga dating employer. Ang hindi awtorisadong paggamit ng naturang impormasyon ay may epekto sa imahe ng ABB at posibleng maharap ka at ang ABB sa mga parusang sibil at kriminal. Maaari ring mapagbawalan tayo sa pagpapatupad ng ating mga produkto at teknolohiya sa ating mga aktibidad sa negosyo dahil sa ganitong paggamit.

Ang iyong tungkulin

- Gamitin ang kumpidensyal na impormasyon ng ABB, at ang awtorisadong kumpidensyal na impormasyon ng iba, para lang sa mga layuning pangnegosyo, at ibunyag lang ito sa mga taong awtorisadong gumamit nito at may pangangailangang makaalam nito.
- Pinapahintulutan kang magbunyag ng kumpidensyal na impormasyon nang walang paunang abiso sa ABB bilang bahagi ng isang ulat sa potensyal na maling gawi sa mga naaangkop na awtoridad.
- Humingi ng payo mula sa tagapayo sa Intelektuwal na Ari-arian ng ABB bago ka humingi, makipagkasundo, tumanggap, o gumamit ng intelektuwal na ari-arian na hindi pagmamay-ari o pinapamahalaan ng ABB.
- Huwag hayaan ang isang entidad na hindi ABB na gamitin ang o magkaroon ng access sa kumpidensyal na impormasyon o intelektuwal na ari-arian ng ABB nang walang ipinapatupad na naaangkop na (mga) kasunduan.
- Iulat kaagad ang anumang pagkakaalam o panghihinala tungkol sa hindi wastong paglalapat ng brand ng ABB o iba pang trademark na pagmamay-ari ng ABB sa tagapayo sa Intelektuwal na Ari-arian ng ABB.
- Maging pamilyar at sundin ang mga prosesong ipinapatupad kaugnay ng pangangasiwa ng intelektuwal na ari-arian at kumpidensyal na impormasyon ng ABB o third party.
- Mahigpit na sumunod sa mga kinakailangan sa lisensya, obligasyon, at tuntunin na nauugnay sa intelektuwal na ari-arian , kabilang na ang mga alok ng third party, gaya sa kaso ng teknolohiya, software, o mga larawan. Tiyaking sumusunod ang ABB sa mga obligasyon sa mga naturang lisensya, para man sa limitadong paggamit o komersyalisasyon.
- Tiyaking may naganap nang naaangkop na panloob na pagsusuri bago panlabas na ilathala ang teknikal na impormasyon o impormasyon ng kumpanya na posibleng naglalaman ng intelektuwal na ari-arian ng ABB.
- Kung sa palagay mo ay ginamit sa maling paraan o hindi naaangkop na ibinunyag ang intelektuwal na ari-ariang pagmamay-ari ng ABB o ng isang third party, dapat mong abisuhan kaagad ang tagapayo sa Legal o Intelektuwal na Ari-arian ng ABB para makapagsagawa ng maagap na pagtugon

Privacy at personal na datos

Kinikilala natin ang kahalagahan ng proteksyon ng personal na datos at naniniwala tayong pinapalakas ng mga prinsipyong nasa likod ng proteksyon ng datos ang mga karapatan ng indibidwal. Kinokolekta, ginagamit, iniimbak, pinapangasiwaan, inililipat, at ibinubunyag ng ABB ang personal na datos alinsunod sa mga nalalapat na batas at inaasahan nitong ganito rin ang gagawin ng mga supplier at kasosyo sa negosyo nito. Tinitiyak ng mga pandaigdigang pamantayan ng ABB sa pagprotekta ng personal na datos na nakakapagbigay ito ng mataas na antas ng proteksyon saanman kinolekta o pinroseso ang datos.

Tandaan

- Ang ibig sabihin ng personal na datos ay anumang impormasyon na nauugnay sa natukoy o matutukoy na natural na tao. Posibleng kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa: address ng tahanan o opisina ng isang tao, email address, numero ng telepono, larawan, petsa ng kapanganakan, impormasyon sa pagbabangko o payroll, IP address, mobile device ID, ID na bigay ng gobyerno o iba pang katulad na impormasyon.

Kinokolekta, ginagamit, iniimbak, pinapangasiwaan, inililipat, at ibinubunyag ng ABB ang personal na datos alinsunod sa mga nalalapat na batas.

- May ilang partikular na kategorya ng personal na datos na mas dapat ingatan, kabilang, halimbawa, ang impormasyon tungkol sa lahi, etnisidad, sekswal na oryentasyon, mga pulitikal na kaugnayan, relihiyon, membership sa isang unyon ng kalakalan, datos ng kalusugan ng katawan o pag-iisip, mga kriminal na rekord at datos sa genetic at biometric.
- Ang mga pakikipag-ugnayan sa email at internet na ginawa sa pamamagitan ng mga lugar ng trabaho, network, device at provider ng serbisyo ng ABB ay maaaring ituring na impormasyon sa negosyo ng ABB kaya maaari itong i-access, i-retrieve, subaybayan, at ibunyag ng ABB, nang napapailalim sa mga nalalapat na kasunduan sa lehislasyon at kontrata.

Ang iyong tungkulin

- Gumamit lang ng personal na datos na nauugnay sa layuning pangnegosyo kung para saan ito kinokolekta at sa tagal lang na kinakailangan para rito. Gamitin ang minimum na personal na datos na kailangan mo para sa isang partikular na layunin at huwag mangolekta o gumamit ng datos na hindi kailangan o lampas na sa mga limitasyon sa pagpapanatili ng dokumento.
- Kung maglilipat ka ng personal na datos, alamin ang mga naaangkop na lokal na regulasyon. Maging maingat na hindi maglipat ng personal na datos sa pagitan ng mga bansa nang hindi muna inuunawa ang mga pamantayan sa pagkapribado ng datos sa mga bansang iyon.
- Kapag nangongolekta at gumagamit ng personal na datos, ingatan ito laban sa mga hindi sinasadyang pagbubunyag, halimbawa, sa pamamagitan ng pag-iwan sa datos sa mga bukas na espasyo, sa mga site ng elektronikong kolabotrasyon, sa isang printer, o sa mga hindi ligtas na computer, device, mesa o cabinet.
- Agad na iulat ang mga insidente ng seguridad na kinasasangkutan ng personal na datos o anumang mahihinuhang kahinaan sa mga proteksyon sa privacy ng ABB sa Service Desk (MyIS).
- Maging pamilyar at sumunod sa mga nauugnay na patakaran at pamamaraan ng ABB sa privacy, seguridad at proteksyon ng datos.



Pakikipagtulungan sa mga gobyerno

Nakikipagtulungan tayo sa mga gobyerno, mga pampublikong internasyonal na organisasyon, at sibil na lipunan para magsulong ng mga patakaran na nagbibigay-daan sa mas sustenable at matipid sa mapagkukunang hinaharap. Hangad nating ipakita ang kahalagahan ng ating mga produkto sa mga regulator nang sa gayon ay maging available ang ating mga nangungunang teknolohiya sa electrification at automation sa mga kostumer sa mga industriya sa buong mundo. Kadalasan, nag-o-operate tayo sa ilalim ng mga kumplikadong panuntunan kapag nagbebenta at nakikipag-ugnay sa mga gobyerno at sa mga proyektong sinasagot ng mga multilateral development bank o sa iba pang pampamahalaang institusyon sa credit o pananalapi, kabilang ang mga panuntunan na nauugnay sa pagkuha, lobbying, mga regalo, pagbiyahe, hospitalidad, pagpapanatili ng talaan, at pagbubunyag. Kapag nakikipagtulungan sa mga gobyerno, mga enterprise na pagmamay-ari ng estado, at sa mga kinatawan ng mga ito, kumikilos tayo nang walang inililingid, matapat, at nang may matataas na pamantayan ng integridad, alinsunod sa mga panloob na panuntunan at pamamaraan ng ABB at sa lahat ng nalalapat na batas.

Tandaan

- Responsable ka sa pag-unawa at pagsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon na nalalapat sa pakikipagsundo sa mga gobyerno. Dapat mong tandaan na maaaring mag-iba-iba ang mga nalalapat na batas at regulasyon sa loob ng bansang pinag-uusapan (ibig sabihin, mga batas sa antas ng rehiyon o estado) at hindi lang sa bawat bansa.
- Kung kailangan mong makaipag-ugnayan sa mga pampublikong opisyal sa ngalan ng ABB, makipagkoordina muna sa team ng Legal at Integridad at sa Government Relations and Public Affairs (GRPA). Ang mga pondo, pag-aari, o serbisyo ng ABB ay hindi dapat gamitin sa pagbibigay ng mga pulitikal na donasyon o para sa pagsuporta sa sinumang kandidato para sa pulitikal na posisyon o pulitikal na partido, opisyal o komite saanman sa mundo.
- Ang mga enterprise na pagmamay-ari ng mga gobyerno at estado ay kadalasang mayroong mga partikular at detalyadong panuntunan na nangangasiwa sa mga proseso ng pagkuha at pag-tender sa mga ito. Dapat mong alamin nang maaga ang tungkol sa mga panuntunang ito. Huwag tumaliwas sa mga ito at humingi ng tulong mula sa team ng Legal at Integridad kung kinakailangan.
- Posibleng maging labag sa batas o hindi naaangkop ang ilan sa mga karaniwang kagawian sa pribadong sektor pagdating sa sektor ng gobyerno o sa mga pakikipag-ugnayan sa mga enterprise na pagmamay-ari ng estado. Nagpapataw ang mga gobyerno ng malalaking parusang kriminal at sibil (pati na rin ang potensyal na pagpupuwera) para sa mga paglabag sa mga panuntunan nga mga ito sa pagkuha, etika, pag-iimpluwensiya, at mga kaugnay na panuntunan.
- May mga panuntunang nauugnay sa pag-recruit ng mga kasalukuyan o dating pampublikong opisyal. Sundin ang kaugnay na mga patakaran at pamamaraan sa onboarding ng vendor ng ABB bago tangkaing mag-recruit ng pampublikong opisyal para magtrabaho sa ABB.

Ang mga pondo, pag-aari, o serbisyo ng ABB ay hindi dapat gamitin sa pagbibigay ng mga pulitikal na donasyon o pagsuporta sa sinumang kandidato para sa pulitikal na posisyon o pulitikal na partido, opisyal o komite saanman sa mundo.

“What is our approach to governments, officials and state-owned entities?”

Ang iyong tungkulin

- Sundin ang mga kaugnay na patakaran at pamamaraan ng ABB bago magbigay ng regalo, pagbiyahe, o hospitalidad sa isang pampublikong opisyal o sa isang empleyado ng enterprise na pagmamay-ari ng estado.
- Dapat ay maging tapat at tumpak ka sa iyong mga pakikipag-ugnayan sa mga pampublikong opisyal at magsagawa ng pinakamatataas na etikal na pamantayan kapag nakikipagnegosyo ka sa mga kinatawan ng gobyerno.
- Kapag gumagawa ng sertipikasyon sa isang pampublikong opisyal o ahensya, palaging magsagawa ng kinakailangang due diligence para matiyak na tumpak, napapanahon, at kumpleto ang iyong sertipikasyon.
- Iwasang gumawa ng mga hindi awtorisadong paglihis o pagpapalit sa mga kinakailangan ng isang kontrata sa gobyerno – kahit na, halimbawa, hindi pormal na pinahintulutan ng opisyal ng ahensya ang pagbabagong iyon. Ang mga pagbabago ay dapat mahigpit at legal na gagawin alinsunod sa mga tuntunin ng kontrata.
- Labis na pinaghihigpitan ang mga aktibidad sa lobbying. Sumangguni sa team ng Mga Ugnayan sa Gobyerno at Mga Pampublikong Usapin ng ABB bago subukang makipag-ugnayan sa isang opisyal ng gobyerno o pampublikong opisyal para sa mga dahilang nauugnay sa adbokasiya, patakaran, o ugnayan.

Pakikipagtulungan sa mga supplier

Nakikipagtulungan lang tayo sa mga supplier na nakikibahagi sa ating paninindigan sa integridad, sustenabilidad at mga karapatang pantao at sumang-ayon na tugunan ang mga kinakailangang nakatakda sa ating Kodigo ng Pag-aasal ng Supplier. Sinusunod natin ang mga pamantayan at pamamaraan sa pagkuha ng ABB sa pagkuwalipika, pakikipagsundo, at pangangasiwa ng mga supplier. Naninindigan tayo sa isang transparent at kumpetitibong proseso ng pag-source at sa patas at responsableng pakikipag-ugnayan sa ating mga supplier.

Hindi tayo tumatanggap ng mga regalo, mga kaloob sa negosyo, o anupamang bagay na may halaga mula sa mga supplier na lumalabag sa ating mga patakaran kaugnay ng pagtanggap ng mga regalo, pagbiyahe, at hospitalidad.

Tandaan

- Kumikilos tayo kaagad hinggil sa mga supplier na kaduda-duda o hindi sumusunod sa Kodigo ng Pag-aasal ng ABB ang etikal na pagganap ng mga ito. Hindi dapat ipagsawalang-bahala, balewalain, o minimisahin ang mga paglabag sa etika kapag tinatasa ang performance ng ating mga supplier.
- Inaatasan ang mga supplier na itaguyod ang mga naaangkop na karapatang pantao sa mga pagpapatakbo ng mga ito, kabilang ang mga batas na nagbabawal sa pagpapatrabaho sa bata at sapilitang pagtatrabaho, modernong pang-aalipin at trafficking ng tao, at pagrespeto sa mga karapatan ng mga manggagawa at mga pamantayan sa paggawa.
- Inaatusan ang mga supplier na magbigay ng ligtas at malusog na lugar ng trabaho para sa mga empleyado ng mga ito at upang magsagawa ng negosyo sa naipagpapatuloy na paraang pangkapaligiran.
- Inaatasan ang mga supplier umiwas sa anuman at lahat ng anyo ng katiwalian, panghuhuthot, at panunuhol.
- Inaatasan din ang mga supplier na ialapat ang parehong mga pamantayan sa kanilang sariling supply chain at ayusin ang hindi pagsunod sa sarili nilang mga operasyon.
- Hindi tayo dapat magpakita ng pabor o pagkiling sa sinumang tao o negosyo batay sa anumang bagay bukod sa pinakamabubuting interes ng ABB. Hindi mo dapat hayaang sumalungat sa o maimpluwensyahan ng mga personal o pampamilyang interes ang iyong mga pakikipag-uganayan sa negosyo sa ngalan ng kumpanya.

Ang iyong tungkulin

- Ang lahat ng mga pagbili ng mga produkto at serbisyo para sa ABB ay dapat na gawin alinsunod sa ating mga patakaran at pamamaraan sa pagkuha kabilang ang onboarding at pagsubaybay ng integridad na batay sa panganib.
- Iulat kaagad sa team ng Legal at Integridad ang anumang babalang senyales na maaaring magpahiwatig ng hindi angkop na pagbabayad o ugnayan sa negosyo.
- Iulat kaagad sa team ng Legal at Integridad ang anumang alalahanin sa kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, o seguridad, o anumang paglabag sa mga karapatang pantao o usaping nauugnay sa sapilitang pagpapatrabaho, pang-aalipin, o child labor. Huwag ilagay ang iyong sarili o ang mga biktima ng paglabag sa mga karapatang pantao sa karagdagang panganib sa pamamagitan ng direktang pagharap sa mga taong responsable.

Nakikipagtulungan lang tayo sa mga supplier na nakikibahagi sa ating paninindigan sa integridad, sustenabilidad at mga karapatang pantao at sumang-ayon na tugunan ang mga kinakailangang nakatakda sa ating Kodigo ng Pag-aasal ng Supplier.



Palaging sundin ang mga pamamaraan sa pag-uulat ng ABB para matiyak ang pagkakaroon ng napapanahon at naaangkop na pagtugon.

- Iulat kaagad sa team ng Legal at Integridad ang anumang pagtatangkang puwersahin ka sa paggamit ng isang partikular na supplier o pagsunod sa isang kahilingan na lumihis sa mga pamamaraan ng ABB kapag pumipili o namamahala ng supplier.
- Maging alerto sa mga supplier na humihingi ng mga hindi makatotohanang claim sa pagpepresyo o delivery o nagmumungkahing kaya nilang lampasan o pabilisin ang mga clearance mula sa gobyerno (hal., customs) para sa mga produkto o serbisyong iniaalok nila.
- Huwag payagan ang mga supplier na mag-alok ng anumang bagay na may halaga sa iyo (sa labas ng kung ano ang pinapahintulutan sa ilalim ng ating mga pamamaraan sa mga regalo, pagbiyahe, at hospitalidad) o sa iyong mga kamag-anak kapalit ng anumang potensyal na pabor. Ang mga kickback (mga pagbabayad sa isang taong ilegal na nangasiwa ng isang transaksyon) ay ilegal at labag sa ating mga patakaran. Iulat ang anumang pagtatangka sa kickback sa koponan ng Legal at Integridad.
- Tiyakin na ang mga supplier na iyong pinapangasiwaan o pinakikipagkasunduan ay magsasagawa ng mga maagap at mabisang pangremedyong pagkilos hinggil sa mga pagkukulang na natukoy sa mga pagbisita sa site, pag-audit, o iba pang Inspeksyon.
- Tiyaking alam ng mga supplier at ng kanilang mga empleyado, contractor, at mga pansamantalang manggagawa ang tungkol sa mga channel sa pag-uulat ng ABB bilang paraan ng pagpaparating ng mga alalahanin o karaingan.

Paghahain ng mga alalahanin sa integridad at hindi paghihiganti



Paano maghain ng alalahanin
Ang ating negosyo at tagumpay ay binuo sa mga prinsinpyo ng integridad sa ating Kodigo ng Pag-aasal. Dapat mong iulat kaagad ang anumang pinaghihinalaan o potensyal na paglabag sa Kodigo upang makapagsiyasat kami at, kung kinakailangan, makagawa ng naaangkop na pagkilos para matugunan ang mga potensyal na isyu bago pa makapinsala ang mga ito sa mga empleyado, sa kumpanya, at sa ating reputasyon. Mayroon tayong kolektibong responsibilidad sa ngalan ng lahat ng ating mga stakeholder na tiyaking matutugunan kaagad at nang masusi ang mga potensyal na paglabag sa Kodigo.

Nagbibigay kami ng maraming paraan para makapag-ulat ka ng mga potensyal na paglabag sa Kodigo ng Pag-aasal o sa batas sa ABB:
- Sa iyong manager
- Sa iyong Human Resources na kasosyo sa negosyo
- Sa sinumang miyembro ng team ng Legal at Integridad
- Sa Chief Integrity Officer
  - Affolternstrasse 44, 8050 Zurich, Switzerland
- Mga channel sa pag-uulat ng ABB
  - Maaari mong iulat ang iyong mga alalahanin online o sa pamamagitan ng telepono; nakalista ang mga lokal na numero sa website para sa maraming bansa.
- Sa Chief Executive Officer
- Sa Lupon ng Mga Direktor

Palagi kang malayang mag-ulat ng mga potensyal na paglabag sa mga batas o regulasyon sa mga naaangkop na awtoridad.

Kung gusto mong manatiling anonymous, hinihingi naming magbigay ka ng sapat na detalye at makatotohanang impormasyon nang sa gayon ay epektibo naming ma-follow up ang iyong alalahanin.

Paninindigan ng ABB laban sa paghihiganti
Sinisikap ng ABB na makapagpanatili ng kultura kung saan ramdam ng mga empleyado at contractor na malaya silang maghain ng mga alalahanin nang may mabuting hangarin tungkol sa mga potensyal na paglabag sa Kodigo ng Pag-aasal o sa batas nang hindi natatakot sa paghihiganti o iba pang hindi magandang kahihinatnan. Sinisira ng paghihiganti ang kultura at lagay na itinataguyod natin.

Kabilang sa paghihiganti ang anumang hindi magandang pagkilos sa employment, gaya ng pagkakatanggal sa trabaho, suspensyon o demosyon; pagtanggi sa overtime, promosyon o mga benepisyo; hindi pagbibigay ng patas na

> Hindi ikokondena o kukunsintihin ng ABB ang paghihiganting gagawin laban sa isang empleyado dahil naghain siya ng isang potensyal na alalahanin sa integridad nang may mabuting hangarin o kung nakipagtulungan siya sa isang pagsisiyasat. Magkakaroon ng mga pagdidisiplina, na maaaring umabot sa at kabilangan ng pagkakatanggal sa trabaho, laban sa mga gagawa nito.

pagsasaalang-alang sa mga pagpapasya sa employment; negatibong epekto sa mga kundisyon sa pagtatrabaho; o pagdudulot ng malupit o nakakasindak na kapaligiran sa trabaho.

Mga tungkulin ng mga namumuno kapag naghain ang isang empleyado ng alalahanin sa integridad.
Madalas na maghahain ang mga empleyado ng mga alalahanin sa integridad nang direkta sa kanilang mga manager. Ang pangangasiwa sa mga naturang alalahanin nang may naaangkop na pangangalaga at pagkasensitibo ay isa sa mga pangunahing responsibilidad ng mga namumuno sa ilalim ng ating Kodigo sa Pag-aasal. Kung lalapit sa iyo ang isang empleyado tungkol sa isang alalahanin sa integridad, responsibilidad mong makinig nang mabuti sa alalahnin ng empleyado, idokumento ito nang tama, at, sa huli, pasalamatan ang empleyado sa pagpapararting ng alalahanin. Hindi ka dapat magbigay ng opinyon tungkol sa katotohanan o kalalabasan ng alalahanin ng empleyado – kahit na personal mong pinaniniwalaan na walang batayan ang alalahanin. Dapat mong ipaalam sa empleyado na ipagbibigay-alam mo kaagad ang alalahanin at ang impormasyong ibinigay niya sa team ng Legal at Integridad para sa naaangkop na follow up.

May espesyal na tungkulin ang mga namumuno sa ating paninindigan laban sa paghihiganti at dapat silang maging maingat para maiwasan ang kahit pag-iisip lang ng paghihiganti kapag may inihaing alalahanin o kapag nalaman nilang may nagaganap na pagsisiyasat. Hindi mo dapat direkta o hindi direktang ibunyag sa iba pang lider ng ABB o mga empleyado ang pagkakakilanlan ng sinumang nag-ulat ng alalahanin. Hindi mo dapat tanungin kailanman ang iyong mga kasamahan o ang mga miyembro ng iyong team tungkol sa isang pagsisyasat (kabilang ang pagtalakay ng mga paksang pinag-usapan sa isang pakikipanayam), o kung hindi man ay kumilos sa paraang posibleng makasagabal sa pagsisiyasat sa anumang paraan. Dapat mo ring iwasan ang mga casual na Talakayan tungkol sa mga pamamaraan o paksa ng pagsisiyasat na nauugnay sa imbestigasyon. Kahit na hindi ka magbanggit ng mga partikular na isyu o indibidwal, posibleng magpakita ng pangit na halimbawa ang mga talakayang ito para sa mga empleyado, masisira ang pagtingin nila sa pagtrato ng ABB sa mga alalahanin sa integridad, at posibleng humantong ito sa hindi sinasadya o hindi maingat na pagbubunyag ng sensitibong impormasyon na maglalagay sa Kumpanya sa panganib.

Direktang nakakapagbigay ng kontribusyon ang iyong pagiging propesyonal at pagiging sensitibo sa mga usaping ito sa paggawa ng kultura ng integridad kung saan magiging komportable ang lahat ng mga empleyado na maghain ng mga alalahanin sa integridad.

Anong nangyayari kapag may inihain na alalahanin?
Sineseryoso ng ABB ang bawat alalahanin at pinapangasiwaan ang mga alegasyon nang may naaangkop na kumpidensyalidad. Kikilalanin ng koponan ng Legal at Integridad ang pagtanggap sa iyong alalahanin at maingat itong rerepasuhin upang maagap na makapagsagawa ng follow-up na pagkilos.

Itatalaga ang iyong alalahanin sa isang tagapagsiyasat ng ABB para sa karagdagang pagtatasa at pagsusuri. Posibleng tanungin ng tagapagsiyasat ang mga empleyado at mga third party na posibleng may kaalaman tungkol sa usapin at susuriin niya ang mga dokumentong nauugnay sa alalahanin. Ang lahat ng mga empleyado at contractor ng ABB ay may obligasyong ganap na makipagtulungan at magbigay ng kumpleto at totoong impormasyon sa panahon ng isang pagsisiyasat sa integridad, na sinusuportahan ng ating paninindigan laban sa paghihiganti.

Kung naaangkop, magsasagawa nag kumpanya ng mga interim na pagwawasto sa panahon ng pagsisiyasat. Kapag nakumpleto na ang pagsisiyasat, at kapag napatunayan ang mga alalahanin, posibleng iulat ang kaso sa isang panloob na komite sa pagdidisiplina na siyang magpapasya kung naaangkop bang magakroon ng mga karagdagang pagwawasto o pagdidisiplina.

Pagwawasto at pagdidisiplina
Malaki ang naidaragdag ng isang kultura ng organisasyon na nanghihikayat sa pag-uulat ng mga alalahanin sa isang kapaligirang malaya sa takot sa paghihiganti sa pagiging kumpetitibo ng ABB. Binibigyang-daan nito ang oportunidad na matugunan ang mga potensyal na isyu o hindi epektibong proseso at kontrol nang maaga, bago pa mas lumaki o mas kumalat ang mga problema. Sa mga kaso kung saan ang pagrerepaso ng alalahanin ay nakatukoy ang mga aspeto ng pagpapahusay ng proseso o kontrol, itatalaga sa kaukulang negosyo ang responsibilidad na ipatupad ang mga kinakailangan at sistematikong pagwawasto upang maiwasan ang pag-ulit. Sa ibang kaso, maaaring naangkop na magdisiplina ng indibidwal na empleyado kung saan, sa ilalim ng lokal na batas, maaaring kasama ang pagtatanggal sa trabaho. Ang antas ng pagdidisiplina ay nakadepende sa ilang salik na tinukoy ng framework ng pananagutan ng ABB, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
- Antas at senyoridad ng kasangkot na empleyado
- Kung intensyonal ang pagkilos ng empleyado
- Kung nakapagdulot ng legal o pinansyal na panganib ang empleyado sa ABB
- Ang potensyal o aktuwal na epekto ng ginawa ng empleyado sa kultura at reputasyon ng ABB, at sa mga karanasan ng iba pa sa ABB
- Kung ganap na nakipagtulungan ang empleyado sa pagsisiyasat at kung nagbigay siya ng kumpleto at totoong impormasyon
- Kung nagsinungaling, nanloko, o kumilos ang empleyado para sa personal na ganansya
- Kung nagpapakita ang mga pagkilos ng empleyado ng paulit-ulit o sistemikong paglabag o pattern ng pag-uugali

Mas mataas ang pamantayan ng mga lider at posibleng papanagutin sila para sa maling gawi ng iba kung hindi nila nagawa o napanindigan ang inaasahang kultura ng integridad.

Kadalasan, ibubuod at ipapaalam ng responsableng team sa pagsisiyasat ang mga resultang nalaman nila sa isang panloob na masusing pagsisiyasat (nang hindi nagbibigay ng personal na impormasyon) para magbigay ng mga leksyon at iba pang mga oportunidad sa pagsasanay kaugnay ng integridad sa mga empleyado.

“What do we do now?”

1 I-scan ang QR-code.
2 I-download ang mobile app ng Kodigo ng Pag-aasal ng ABB para mahanap ang kasagutan.

Matuto pa
Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga nauugnay na patakaran at pamamaraan, konsultahin ang portal ng Pangasiwaan ng ABB.

Ang iyong mga responsibilidad sa ilalim ng Kodigo ng Pag-aasal ng ABB

Ang teknolohiya, mga produkto, at serbisyo ng ABB ay nag-aambag nang malaki sa mga negosyo at komunidad sa buong mundo. Gayunpaman, hindi lang ito tungkol sa kung ano ang ginagawa natin, kundi sa kung paano natin ito ginagawa, na siyang naghihiwalay sa atin sa ating mga kakumpitensya, nagpapatibay sa ating kredibilidad at tiwala sa ating mga stakeholder, at tumitiyak sa ating patuloy na paglago at tagumpay bilang isang enterprise. Ang pinakamahalagang elemento ng kung paano tayo nagtatrabaho ay integridad.

Inaasahang babasahin at uunawain ng bawat empleyado sa ABB ang Kodigo ng Pag-aasal na ABB, at dapat nilang gawin ang sumusunod:

- Alaming kung paano at kung saan mag-uulat ng alalahanin sa integridad
- Iulat kaagad ang lahat ng mga pinaghihinalaang paglabag sa Kodigo
- Huwag kailanman maghiganti sa sinuman para sa pakikilahok sa isang pagsisiyasat sa integridad o para sa paghahain ng alalahanin sa integridad nang may mabuting hangarin
- Maging tapat at ganap na makipagtulungan kapag hininging makilahok sa isang pagsisiyasat sa integridad
- Makibahagi sa pagsasanay sa integridad sa napapanahong paraan
- Unawain ang at magkaroon ng kamalayan sa mga panganib na umiiral sa kanilang organisasyon

Ang pinakamahalagang elemento ng kung paano tayo nagtatrabaho ay integridad.

Ang Kodigo ng Pag-aasal ay naglalapat ng mataas na pamantayan ng etikal na gawi sa negosyo para sa lahat ng empleyado ng ABB. Lahat tayo ay may indibidwal na pananagutan para sa sarili nating integridad at hindi tayo dapat kailanman magkompromiso sa mga etikal na pamantayan ng ABB. Ang mga lider sa ABB ay may mga espesyal na responsibilidad at obligasyon sa ilalim ng Kodigo ng Pag-aasal at posibleng hindi italaga ang mga ito sa iba. Tinutukoy at nillilinaw ng sumusunod na listahan ang ilan sa pinakamahahalagang responsibilidad ng mga lider sa ABB.

Mga responsibilidad ng mga namumuno sa ilalim ng Kodigo ng Pag-aasal

- Magtatag ng kulturang nabuo sa integridad at mamuno nang isinasaisip ito.
- Magbigay ng pangangasiwa sa integridad at makibahagi sa pamumuno ng iyong negosyo.
- Alamin, asahan, at subaybayan ang mga partikular na panganib sa integridad at pagsunod na hinaharap ng iyong negosyo o tungkulin, at tiyakin na magsasagawa ka ng mga naaangkop na pagkilos upang makontrol ang mga panganib na iyon.
- Gumawa ng kapaligiran at kultura sa iyong organisasyon na nanghihikayat, nagsusulong, at nagdiriwang ng pagkakaiba-iba, inklusion, at integridad.
- Tiyaking nauunawaan ng mga empleyado sa iyong organisasyon kung bakit mahalaga at kapaki-pakinabang na mag-ulat ng mga alalahanin sa integridad nang maagap at maging komportable sila sa paggawa nito nang walang takot sa paghihiganti.
- Tiyaking alerto ang iyong mga empleyado at may angkop silang pagsasanay sa mga panganib sa integridad at pagsunod na nakakaapekto sa mga operasyon ng iyong negosyo.
- Maging isang nakikita, nananagot, at hindi nagbabagong huwaran para sa integridad upang malaman ng iyong mga empleyado na susuportahan mo ang kanilang etikal na pangnegosyong pag-aasal kapag ito ay mahalaga.
- Regular na makipag-usap sa iyong team tungkol sa mga usapin sa integridad para maging komportable sila sa pagtalakay ng mga isyu sa integridad at etika sa iyo.
- Mag-hire at mag-promote lang ng mga empleyadong nagpapakita ng matataas na antas ng integridad at etikal na pag-uugali.
- Alamin kung paano pamahalaan ang isang alalahanin sa integridad na posibleng ihain sa iyo nang direkta ng isang empleyado.

Katulong mo ang team ng Legal at Integridad para suportahan ka sa pagtupad ng iyong mga responsibilidad sa ABB.